

Direktang Primaryang Halalan sa Buong Estado ng California

Martes Hunyo 5, 2018



Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula
7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!



TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS



Sertipiko ng Pagiging Tama

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga panukalang isasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Primaryang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Hunyo 5, 2018, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-12 ng Marso, 2018.

A handwritten signature in black ink that reads 'Alex Padilla'.

Alex Padilla, Kalihim ng Estado

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

KARAPATAN NINYO ANG MGA SUMUSUNOD:

1 Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante. Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:

- isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
- 18 taong gulang na kayo o higit pa
- kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
- sa kasalukuyan, hindi kayo nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang mabigat na kasalanan
- hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan

2 Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan. Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3 Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo noong nagsara ang mga botohan.

4 Ang karapatang magpatala ng lihim na balota nang walang bumabagabag sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5 Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo, kung hindi pa ninyo naipapatala ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

Humiling ng bagong balota sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar na botohan

Papalitan ng bago ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang opisyal ng halalan o sa inyong lugar na botohan, o Bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota.

6 Ang karapatang kumuha ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota mula sa sinumang taong gusto ninyo, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7 Ang karapatang ihulog ang inyong nasagutang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar na botohan sa California.

8 Ang karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohang presinto na gumagamit ng parehong wikang ginagamit ninyo.

9 Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan at panoorin ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong pinagtanungan ninyo ang inyong mga tanong, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaantala, maaari silang huminto sa pagsagot sa inyo.

10 Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

 Sa web sa www.sos.ca.gov

 Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**

 Sa pamamagitan ng email sa elections@sos.ca.gov

KUNG NANINIWALA KAYONG HINDI SA INYO IBINIGAY ANG MGA KARAPATAN NINYONG ITO, TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA (800) 339-2957.

PROPOSISYON 68

Ang batas na ito na iminungkahi ng Panukalang Batas ng Senado 5 ng Regular na Sesyon noong 2017–2018 (Kabanata 852, Mga Batas ng 2017) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California.

Ang iminungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Mga Pampublikong Kayamanan at Kodigo sa Tubig; samakatuwid, nakalimbag sa *italic na uri* ang mga bagong probisyong iminungkahing idagdag upang maipakitang bago ang mga ito.

IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Idinagdag ang Seksyon 5096.611 sa Kodigo sa Mga Pampublikong Kayamanan, upang baguhin ito sa sumusunod na paraan:

5096.611. *Sa kabila ng anumang iba pang batas, muling inilaan ang dalawang milyon, limandaan at limampu't pitong libong dolyar (\$2,557,000) sa mga hindi nailabas na bonong pinahihintulutan para sa mga layunin ng subdibisyon (b) ng Seksyon 5096.610, at walong daang libong dolyar (\$800,000) sa mga hindi nailabas na bonong pinahihintulutan para sa mga layunin ng subdibisyon (b) at (c) ng Seksyon 5096.652 mula sa halagang inilaan alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 5096.610 upang pondohan ang mga layunin ng, at dapat itong pahintulutan, ilabas, at ilaan alinsunod sa, Dibisyon 45 (na nagsisimula sa Seksyon 80000).*

SEKSYON. 2. Idinagdag ang Seksyon 75089.5 sa Kodigo sa Pampublikong Kayamanan, upang baguhin ito sa sumusunod na paraan:

75089.5. *Sa kabila ng anumang iba pang batas, labindalawang milyong dolyar (\$12,000,000) sa mga hindi nailabas na bonong pinahintulutan para sa layunin ng subdibisyon (a) ng Seksyon 75063, tatlong daan at labinlimang libong dolyar (\$315,000) sa mga hindi nailabas na bonong pinahintulutan para sa mga layunin ng subdibisyon (b) ng Seksyon 75063, at apat na milyon, tatlong daan at dalawampu't walong libong dolyar (\$4,328,000) sa mga hindi nailabas na bonong pinahintulutan para sa mga layunin ng subdibisyon (b) ng Seksyon 75065, ang ilipat at ilaan upang pondohan ang mga layunin ng, at pahintulutang ilabas, at ilaan alinsunod sa, Dibisyon 45 (na nagsisimula sa Seksyon 80000).*

SEKSYON. 3. Idinagdag ang Dibisyon 45 (na nagsisimula sa Seksyon 80000) sa Kodigo sa Mga Pampublikong Kayamanan, upang baguhin ito sa sumusunod na paraan:

DIBISYON 45. BATAS NG CALIFORNIA SA TAGTUYOT, PATUBIG, MGA PARKE, KLIMA, PAGPROTEKTA NG BAYBAY-DAGAT, AT PANLABAS NA ACCESS PARA SA LAHAT, TAONG 2018

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

80000. *Kikilalanin at maaaring tukuyin ang dibisyong ito bilang Batas ng California sa Tagtuyot, Patubig, Mga Parke, Klima, Pagprotekta ng Baybay-dagat, at Panlabas na Access para sa Lahat, Taong 2018.*

80001.(a) *Kinikilala at inihahayag ng taong-bayan ng California ang mga sumusunod:*

(1) *Mula sa magagandang ilog, sapa, baybayin, at iba pang daanan ng tubig ng California, hanggang sa ating mga pederal, pang-estado, lokal, at panrehiyong parke at liwasan sa labas ng bahay, at hanggang sa ating napakalawak at magkakarugtong na daanang nagsisilbing koneksyong ng mga tao sa mga likas na kalupaan, pinapahalagahan ng mga taga-California ang mayamang pagkakaibaibang mga karanasan sa panlabas na inihandog sa estadong ito at sa kanyang mga mamamayan.*

(2) *Lumampas na nang walong beses sa halagang kayang sagutin ng magagamit na pondo ang kagustuhan ng mga taong magkaroon ng mga lokal na parke, partikular nang matindi ang kagustuhan para sa mga ito ng mga mahihirap na komunidad sa lungsod.*

(3) *Maraming taga-California sa iba't ibang dako ng estado ang kulang sa pag-abot sa ligtas na maglibot sa mga parke, lugar na may hayop-gubat, daanan, at lugar para sa paglilibang, na naglilimita sa kanilang kakayahang maranasan ang kalikasan, mapabuti ang kanilang kalusugan ng pangangatawan at damdamin, mag-ehersisyo, at makipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad.*

(4) *Makakatulong ang mga pamumuhunan sa paggawa at pagpapaganda ng mga parke at lugar para sa libangan, at sa paggawa ng mga magkakarugtong na daanang nagsisilbing koneksyon mula sa mga kapitbahayan tungo sa mga parke, lugar na may hayop-gubat, at oportunidad na panglibangan, upang tiyak na mabigyan ng kakayahan ang lahat ng taga-California na makapunta sa mga ligtas na lugar pang ehersisyo at libangan.*

(5) *Tinatantiya ng Sentro para sa Pagsusulong ng Pampublikong Kalusugan ng California na gumagastos ang California ng mahigit apatnapung bilyong dolyar (\$40,000,000,000) taun-taon dahil sa pagiging hindi aktibo at sobrang katabaan, sa pamamagitan ng mas malalaking gastos sa pangangalagang pangkalusugan at pagbabawas ng pagiging produktibo dahil sa mga sakit na nauugnay sa sobrang katabaan, at tinatantiya rin nitong malaki ang matitipid kung mas mapapadalas, kahit kaunti, ang mga pisikal na aktibidad. Ang pamumuhunan sa pagpapahusay ng mga imprastruktura gaya ng mga daanan para sa paglalakad, sa lungsod man o sa kalikasan, ay mga sulit na paraan upang palaganapin ang pisikal na aktibidad.*

(6) *Makakatulong ang patuloy na pamumuhunan sa mga parke, lugar na may hayop-gubat at ekosistema, daan, at likas na kayamanan, at pagtatanim sa mga lungsod upang mabawasan ang*

epekto ng pagbabago ng klima, at sa pamamagitan nito magiging mas ginhawang manirahan sa mga lungsod, at mapoprotektahan ang likas na yaman ng California para sa mga darating na henerasyon.

(7) Nagkakahalagang walumpu't pitong bilyong dolyar (\$87,000,000,000) ang industriya ng ekonomiyang libangang panlabas ng California, na nagbibigay ng mahigit 700,000 trabaho at bilyun-bilyong dolyar sa kita ng lokal at ng estado.

(8) Naluluma na ang sistema ng imprastraktura ng mga parkeng pang-estado, lokal, at panrehiyon at ang sistema ng imprastraktura ng pambansang parke, at kinakailangang maglaan ng malaking kapital upang maprotektahan ang pamumuhunang ito.

(9) Dati nang may kakulangan sa pamumuhunan sa mga parke, daanan, at panlabas na imprastraktura sa mga mahihirap na lugar at sa maraming komunidad sa iba't ibang bahagi ng California.

(10) Ang turismo ay isang lumalagong industriya sa California at patuloy nitong pinapatatag ang ekonomiya sa mga mas rural na bahagi ng estado.

(11) Dahil sa pabagu-bagong kalagayan ng patubig sa California, nanganganib ang supply ng malinis at ligtas na tubig sa estado. Sa mga kamakailang taon, naranasan ng California ang pinakamatinding tagtuyot at pinakamaulang taglamig ng estado sa nakatalang kasaysayan.

(12) Ang mga matinding pagbabago sa panahon gaya ng mga mas matagal na tagtuyot, mga naganap na napakatinding pag-init ng panahon, at pagbabago sa snowpack ay mga tunay na epekto sa klima na nagaganap ngayon sa California, at maaaring mas kailanganing ingatan ang supply ng tubig para mapanatili ang kalidad ng buhay ng mga taga-California dahil sa mga pagbabagong ito.

(13) Nararapat na maabot ng bawat mamayan ng California ang malinis, ligtas, at maaasahang tubig inumin.

(14) Patuloy na naluluma at nasisira ang imprastraktura ng tubig ng California.

(15) Ang paghihikayat sa pagtitipid sa paggamit ng tubig at pagre-recycle ay mga makatuwirang pagkilos upang mapabuti ang kinabukasan ng California hinggil sa patubig.

(16) Ang matagumpay na pagpapatupad ng Batas sa Makakalikasang Pamamahala ng Tubig sa Ilalim ng Lupa sa tulong ng lokal na pamahalaan at mga komunidad ay isang nakapahalagang priyoridad para sa estado.

(17) Maaaring masalanta ng pagbaha ang mga komunidad at imprastraktura.

(18) Ang pagprotekta at pagpapanumbalik ng mga lawa, ilog, sapa, at ng iba't ibang ekosistema ng estado ay napakahalagang bahagi ng kinabukasan ng tubig sa estado, at tinitiyak nito na mapapanatili ang kalidad ng buhay para sa lahat ng taga-California.

(19) Ang dibisyong ito ang nagbibigay ng pondo upang maipatupad ang Plano ng Pagkilos hinggil sa Tubig ng California.

(20) Kailangan ng mga pana-panahong pamumuhunan upang maprotektahan, mapanumbalik, at mapaganda ang ating mga likas na kayaman at parke, upang matiyak na may ligtas, malinis, at maaasahang tubig inumin ang mga taga-California, maiwasan ang pagdumi at pagkaantala ng ating mga supply ng tubig, makapaghanda para sa mga tagtuyot at pagbaha sa hinaharap, at maprotektahan at mapanumbalik ang ating likas na yaman para sa ikabubuti at ikasisiya ng ating mga anak at ng mga darating na henerasyon.

(b) Layunin ng mga mamamayan ng California na maganap ang lahat ng sumusunod sa pagpapatupad ng dibisyong ito:

(1) Sa pamamagitan ng pamumuhunan ng mga pampublikong pondo alinsunod sa dibisyong ito, makakatanggap ng mga benepisyong pampubliko na tumutugon sa mga pinakamahalagang pangangailangan at priyoridad ng pampublikong pondo sa buong estado.

(2) Sa paglalaan at paggastos ng pondo na pinahihintulutan ng dibisyong ito, bibigyan ng priyoridad ang mga proyektong gumagamit ng pribado, pederal, o lokal na pondo, o pinakamapakikinabangan ng publiko.

(3) Hangga't maisasagawa, ang anumang proyektong makakatanggap ng pera alinsunod sa dibisyong ito ay magkakaroon ng palatandaang nagpapaalam sa publiko na nakatanggap ng pondo ang proyekto mula sa Batas ng California sa Tagtuyot, Patubig, Mga Parke, Klima, Pagprotekta ng Baybay-dagat, at Panlabas na Access para sa Lahat, Taong 2018.

(4) Hangga't maisasagawa, kapag bumubuo ng mga alituntunin ng programa para sa mga proyekto ng libangan sa lungsod at pagprotekta at pagpanumbalik ng tirahan, hinihikayat ang mga namamahalang entidad na magbigay ng positibong pagsasaalang-alang sa mga proyekto para sa libangan sa lungsod at pagprotekta o pagpanumbalik ng mga likas na yaman. Bukod pa rito, maaaring mag-ipon ng pondo ang mga entidad para sa mga proyektong ito.

(5) Hangga't maisasagawa, ang isang proyektong makakatanggap ng pera alinsunod sa dibisyong ito ay magbibigay ng edukasyon at pagsasanay pangmanggagagawa, at mga oportunidad sa pangongontratista at trabaho para sa mga mahihirap na komunidad.

(6) Hangga't maisasagawa, alinsunod sa dibisyong ito, bibigyan ng priyoridad pagdating sa pondo ang mga proyekto ng lokal na parke na nakakuha na ng lahat ng kinakailangang mga permit at karapatan, at may pangakong tutumbasan ang pondo, kung kinakailangan.

(7) Hangga't maisasagawa, ang mga namamahalang entidad ay dapat magsukat o mag-atas ng pagsusukat ng pagbaha ng antas ng mga emisyon

ng greenhouse gas at sequestration ng carbon na nauugnay sa mga proyektong makakatanggap ng pera alinsunod sa dibisyong ito.

(8) Hangga't maisasagawa, ayon sa tinukoy sa "Memorandum ng Presidente--Pagsusulong ng Pagkakaiba-iba at Pagiging Kabilang sa Ating Mga Pambansang Parke, Pambansang Kagubatan, at Iba Pang Pampublikong Kalupaan at Katubigan," na may petsang Enero 12, 2017, ang mga pampublikong ahensyang makakatanggap ng pondo alinsunod sa dibisyong ito ay isasaalang-alang ang mga pagkilos, na kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

(A) Pagsasagawa ng aktibong pakikipag-ugnayan sa iba't ibang populasyon, lalong-lalo na ang mga taong kabilang sa minority o mababang kita, mga populasyong may kapansanan, at mga pantribong komunidad, upang palawakin ang kaalaman sa mga komunidad na ito at pangkalahatan sa publiko tungkol sa mga partikular na programa at oportunidad sa pangkalahatan.

(B) Paggabay sa mga bagong lider sa kapaligiran, panlabas na libangan, at konserbasyon para madagdagan ang mga iba-ibang kapangatawanan sa mga larangang ito.

(C) Paglikha ng mga bagong partnerships kasama ng mga organisasyong pang-estado, lokal, pantribo, pribado, at nonprofit upang palawakin ang pag-abot para sa iba't ibang populasyon.

(D) Pagtukoy at pagpapatupad ng mga pagpapahusay sa mga umiiral na programa upang hikayatin ang pagbisita at pag-abot ng iba't ibang populasyon, lalong-lalo na ang mga populasyong minority, may mababang kita, may kapansanan, at mga pantribong komunidad.

(E) Pagpapalawak sa paggamit ng mga materyal na gumagamit ng iba't ibang wika at naaangkop sa iba't ibang kultura sa mga pampublikong pakikipag-ugnayan at istratemyang pang-edukasyon, maging sa pamamagitan ng mga istratemyang gumagamit ng social media, kapag naaangkop, na nakatuon sa iba't ibang populasyon.

(F) Pagbubuo o pagpapalawak ng mga nakaugnay na pagsisikap upang hikayatin ang pakikisangkot ng at pagbibigay-kakayahang sa kabataan, kabilang ang pagbubuo ng mga bagong partnerships ng mga organisasyon, lugar sa lungsod, at programa na naglilingkod sa iba't ibang komunidad at sa mga kabataan.

(G) Pagtutukoy sa mga posibleng pakikipag-ugnayan ng mga tauhan sa iba't ibang populasyon.

(9) Hangga't maisasagawa, alinsunod sa dibisyong ito, bibigyang-prioridad pagdating sa pondo ang proyektong nagsusulong ng mga solusyong makakaiwas sa pagkawala ng tirahan kung ang hindi inaasahang epektong kaugnay sa paggawa ng parke ay pagtataas ng presyo ng pabahay.

80002. Sa paggamit sa dibisyong ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) "Komite" ay nangangahulugang Komite sa Pananalapi ng California para sa Tagtuyot, Patubig, Mga Parke, Klima, Pagprotekta ng Baybay-dagat, at Panlabas na Access para sa Lahat na nabuo sa pamamagitan ng Seksyon 80162.

(b) "Access ng komunidad" ay nangangahulugang mga programa ng pakikilahok, teknikal na tulong, o pasilidad na linulubos ang ligtas at patas na pisikal na pagtanggap, lalo na para sa mga komunidad na may mababang kita, sa mga likas at pangkulturang yaman, edukasyong pangkomunidad, o mga pasilidad panglibangan.

(c) "Mga pagkilos para sa konserbasyon sa mga pribadong lupain" ay nangangahulugang mga proyektong kasama ng mga sumasang-ayon na mga may-ari ng lupa, na nasasangkot ang naaayon at naisasaayos na pamamahala o pagprotekta sa mga likas na yaman bilang tugon sa mga nagbabagong kundisyon at panganib sa mga tirahan at hayop-gubat. Maaaring kabilang sa mga pagkilos ang pagkuha ng mga interes sa konserbasyon o interes sa bayarin sa lupa. Ang mga proyektong ito ay magrer resulta sa mga kundisyon ng tirahan sa mga pribadong lupain na, kapag pinamahalaan nang naaayon sa paglipas ng panahon, nag-aambag sa pangmatagalang kalusugan at kakayahang makabawi sa pagkasira ng mga mahalagang ekosistema, at nagpapalaki ng populasyon ng hayop-gubat.

(d) "Kagawaran" ay nangangahulugang Kagawaran ng Mga Parke at Libangan.

(e) "Mahirap na komunidad" ay nangangahulugang komunidad na may karaniwang kita ng sambahayan na mas mababa sa 80 porsyento ng karaniwan sa buong estado.

(a) "Pondo" ay nangangahulugang Pondo ng California para sa Tagtuyot, Patubig, Mga Parke, Klima, Pagprotekta ng Baybay-dagat, at Panlabas na Access para sa Lahat, na nabuo ayon sa Seksyon 80032.

(g) "Lubos na maunlad na lungsod" ay nangangahulugang lungsod na may populasyong 300,000 mahigit.

(h) "Lubos na maunlad na county" ay nangangahulugang county na may populasyong 3,000,000 mahigit.

(i) Kabilang sa, "interpretasyon", ngunit hindi limitado dito, ang pasilidad para sa mga bisita na nagpapahusay sa kakayahang intindihihin at pahalagahan ang halaga ng mga likas na yaman, kasaysayan, at kultura, at maaaring gumamit ng mga materyal sa edukasyon sa iba't ibang wika, digital na impormasyon, at eksperto sa kalikasan o iba pang espesyalista.

(j) "Nonprofit na organisasyon" ay nangangahulugang nonprofit na korporasyong kwalipikadong

magnegosyo sa California at kwalipikado sa ilalim ng Seksyon 501(c)(3) ng Kodigo ng Rentas Internas.

(k) “Pangangalaga” ay nangangahulugang rehabilitasyon, pagpapatatag, pagpapanumbalik, konserbasyon, pagpapaunlad, at muling pagbuo, o anumang pagkakasama-sama ng mga aktibidad na ito.

(l) “Pagprotekta o proteksyon” ay nangangahulugang mga pagkilos na kinakailangan upang maiwasan ang pagsasapanganib o pagkapinsala ng mga tao, ari-arian, o mga yamang likas, pangkultura, at pangkasaysayan, mga pagkilos na nagpapadali ng pag-abot sa mga pampublikong bukas na lugar, o mga pagkilos na nagbibigay-daan sa patuloy na paggamit at pakinabang sa ari-arian o mga yamang likas, pangkultura, at pangkasaysayan, at kabilang dito ang pagsubaybay sa lugar, pagkuha, pagpapaunlad, pagpapanumbalik, pangangalaga, at interpretasyon.

(m) “Pagpapanumbalik” ay nangangahulugang pagpapaganda ng mga pisikal na istraktura o pasilidad, at sa lagay ng mga sistemang pangkalikasan at katangian ng lupain, kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, mga proyekto para sa pagkontrol ng pagkatibag ng lupa, pag-iipon at pag-iimbak ng tubig mula sa pagbagyo o pagbabawas sa ibang paraan sa polusyong dulot ng tubig mula sa pagbagyo, pagkontrol at pag-alis sa mga organismong mula sa ibang lugar na nakakapinsala sa lokal na kapaligiran, pagtatanim ng mga organismong likas na mayroon sa lokal na kapaligiran, pagtanggap ng dumi at kalat, kontroladong pagsusunog, pagbabawas ng panganib na nauugnay sa gatong, pagpigil sa pagpasok ng mga bagay na makakahamak sa mga umiiral o napanumbalik na likas na yaman, pagtatanggal ng mga kalsada, pagpapaganda ng kundisyon ng mga tirahan ng organismo sa sapa, pasigan, o pinamamahalaang latian, at iba pang pagpapaganda ng tirahan ng mga halaman at hayop-gubat upang mapataas ang halaga ng sistemang pangkalikasan ng ari-arian o yamang nasa baybayin o karagatan. Kabilang din sa pagpapanumbalik ang mga aktibidad na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 79737 ng Kodigo sa Tubig. Kasama sa mga proyekto sa pagpapanumbalik ang pagpapalano, pagsubaybay, at pag-uulat na kinakailangan upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng mga layunin ng proyekto.

(n) “Lubos na naghihirap na komunidad” ay nangangahulugang komunidad na may karaniwang kita ng sambahayan na mas mababa sa 60 porsyento ng karaniwan sa buong estado.

80004. Maaaring gamitin ang halagang hindi hihigit sa 5 porsyento ng pondong inilaan para sa programang may grant alinsunod sa dibisyong ito para pangbayad ang mga gastusin sa pamamahala ng programang iyon.

80006. (a) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (b), maaaring gamitin ang hanggang 10 porsyento

ng pondong inilaan para sa bawat programang pinondohan ng dibisyong ito, kabilang, ngunit hindi limitado, sa pamamagitan ng mga gawad, para sa pagpapalano at pagsubaybay na kinakailangan para sa matagumpay na pagdisenyo, pagpili, at pagpapatupad ng mga proyektong pinahihintulutan sa ilalim ng programang iyon. Hindi lilimitahan ng seksyong ito sa ibang paraan ang pondong karaniwang ginagamit ng isang ahensya para sa “mga pangunahing plano,” “teknikal na pagguhit,” at “konstruksiyon” ayon sa inilalarawan sa taunang Batas sa Badyet para sa proyektong naglalaan ng kapital o gawad na proyekto. Maaaring kasama sa pagpapalano ang mga pag-aaral tungkol sa kakayahang maisagawa para sa paglilinis ng lugar ng kalikasan na magsusulong sa layunin ng proyektong kwalipikado para sa pagpopondo sa ilalim ng dibisyong ito. Maaaring kasama sa pagsubaybay ang pagsukat ng pagbaba ng antas ng emisyon ng greenhouse gas at sequestration ng carbon na nauugnay sa mga gastusin ng programa sa ilalim ng dibisyong ito.

(b) Maaaring lumampas sa 10 porsyento ng pondong inilaan ang pondong gagamitin para sa pagpapalano ng mga proyektong mapapakinabangan ng mahihirap na komunidad kung matutukoy ng ahensya ng estado na namamahala ng pera na kailangan ng karagdagang pondo.

80008. (a) (1) Maliban sa nakasaad sa talataan (2), dapat ilaan sa mga proyektong nagsisilbi sa mga lubos na naghihirap na komunidad ang hindi kukulang sa 20 porsyento ng mga pondong magagamit alinsunod sa bawat kabanata ng dibisyong ito.

(2) Dapat ilaan sa mga proyektong nagsisilbi sa mga lubos na naghihirap na komunidad ang hindi kukulang sa 15 porsyento ng pondong magagamit alinsunod sa Kabanata 9 (na nagsisimula sa Seksyon 80120) at Kabanata 10 (na nagsisimula sa Seksyon 80130).

(b) (1) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (c), maaaring ilaan sa teknikal na tulong para sa mahihirap na komunidad ang hanggang 10 porsyento ng pondong magagamit alinsunod sa bawat kabanata ng dibisyong ito. Ang ahensyang namamahala sa pera ay dapat magpatupad ng programa ng teknikal na tulong sa maraming disiplina para sa mahihirap na komunidad.

(2) Maaaring lumampas sa 10 porsyento ng pondong inilaan ang pondong gagamitin para sa pagpapalano ng mga proyektong mapapakinabangan ng mahihirap na komunidad kung matutukoy ng ahensya ng estado na nagbibigay ng pera na kailangan ng karagdagang pondo.

(c) (1) Hanggang 5 porsyento ng pondong magagamit alinsunod sa bawat kabanata ng dibisyong ito, hangga’t mapapahintulutan sa ilalim ng Batas sa Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) at may pahintulot ng Direktor ng Pananalapi, ang dapat ilaan para sa mga

proyekto sa pag-abot ng komunidad, na kabilang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- (A) Transportasyon.
- (B) Pagprograma sa pisikal na aktibidad.
- (C) Interpretasyon ng Tagapagdulong.
- (D) Pagsasalin sa iba't ibang wika.
- (E) Agham pangkalikasan.
- (F) Pagpapaunlad ng lakas pangmanggagawa at mga oportunidad sa karera.

(G) Edukasyon.

(H) Komunikasyong nauugnay sa tubig, mga parke, pagprotekta ng baybay-dagat, at iba pang panlabas na aktibidad.

(2) Hindi nalalapat ang subdibisyong ito sa Kabanata 11.1 (na nagsisimula sa Seksyon 80141) at Kabanata 12 (na nagsisimula sa Seksyon 80150).

80010. Bago ibigay ang mga gawad alinsunod sa dibisyong ito, dapat gawin ng bawat ahensya ng estado, na makakatanggap ng pondo upang mamahala ng programa sa pinagkukumpitensyahang gawad sa ilalim ng dibisyong ito, ang sumusunod:

(a) (1) Bumuo at magpatibay ng mga alituntunin ng proyekto sa pangangalap ng pondo at pagsusuri. Ang mga alituntunin ay dapat may mga kinakailangan sa pagsubaybay at pag-uulat, at maaaring kabilangan ang limitasyon sa halaga sa dolyar ng mga ibibigay na gawad. Kung ang ahensya ng estado ay may mga nabuo at napagtibay nang alituntunin ng proyekto sa pangangalap ng pondo at pagsusuri na nakakatugon sa mga kinakailangan ng subdibisyon na ito, maaari nitong gamitin ang mga alituntuning iyon.

(2) Dapat himukin ng mga alituntuning pagtitibayin alinsunod sa subdibisyong ito, kung maaari, ang pagsasama sa mga sumusunod na bahagi ng proyekto:

(A) Mahusay na paggamit at konserbasyon ng mga suplay ng tubig.

(B) Paggamit ng na-recycle na tubig.

(C) Pag-iipon ng tubig-ulan upang mabawasan ang dumadaloy na tubig-ulan sa kalsada, mabawasan ang polusyon sa tubig, ma-recharge ang mga suplay ng tubig sa ilalim ng lupa, o isang kumbinasyon ng alinman sa mga ito.

(D) Pagbibigay ng mga ligtas, maaasahan, at naiinom na suplay ng tubig sa mga bisita sa parke at bukas na espasyo.

(b) Pagsasagawa ng tatlong pampublikong pagpupulong upang maisaalang-alang ang mga komento ng publiko bago isapinal ang mga alituntunin. Dapat ilathala ng ahensya ng estado ang paunang bersyon ng mga alituntunin sa pangangalap ng pondo at pagsusuri sa Internet Web site nito nang hindi kukulang sa 30 araw bago ang mga pampublikong pagpupulong. Dapat magsagawa ng tig-isang pulong sa isang lugar sa hilagang California, central valley ng California, at timog California.

(c) Para sa mga programa sa pinagkukumpitensyahang gawad na pambuon-estado, isumite ang mga alituntunin sa Kalihim ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman. Kukumpirmahin ng Kalihim ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman na naaayon ang mga alituntunin sa mga naaangkop na batas, at para sa lahat ng layuning nakasaad sa dibisyong ito. Magpapaskil ang Kalihim ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman sa Internet Web site ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman ng elektronikong form ng mga alituntuning isinumite ng mga ahensya ng estado at ng mga sumunod na kumpirmasyon.

(d) Kapag napagtibay na ang mga ito, magpadala ng mga kopya ng mga alituntunin sa mga komite ng pananalapi at naaangkop na komite ng patakaran sa Lehislatura.

(e) Ang Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi nalalapat sa pagbuo at pagpapatibay sa mga alituntunin ng programa at pamantayan sa pagpili na pagtitibayin alinsunod sa dibisyong ito.

80012. (a) Dapat magsagawa ang Kagawaran ng Pananalapi ng independiyenteng pagsusuri ng mga paggasta alinsunod sa dibisyong ito. Ang Kalihim ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman ay dapat maglathala ng isang nakasulat na listahan ng lahat ng paggasta ng programa at proyekto alinsunod sa dibisyong ito nang kahit taunan lang, at magpaskil ng elektronikong form ng listahan sa Internet Web site ng ahensya sa isang nada-download na format ng spreadsheet. Dapat makita sa spreadsheet ang impormasyon tungkol sa lokasyon at footprint ng bawat pinondohang proyekto, mga layunin ng proyekto, katayuan ng proyekto, mga inaasahang resulta, anumang panumbas na pondo na ibinigay ng tagatanggap ng gawad sa proyekto, at ang naaangkop na kabanata ng dibisyong ito alinsunod sa kung saan nakatanggap ng pera ang tagatanggap ng gawad.

(b) Kung susuriin ang anumang entidad na makakatanggap ng pondong pinapahintulutan ng dibisyong ito ayon sa iniaatas ng batas at alinsunod sa batas ng estado, at may matutuklasan ditong anumang hindi katanggap-tanggap na gawain, maaaring magsagawa ang Tagasuri ng Estado ng California o ang Tagakontrol ng kumpletong pagsusuri sa alinman sa o lahat ng aktibidad ng entidad na iyon.

(c) Dapat humingi ang ahensya ng estado na nagbibigay ng anumang gawad na may pondong pinapahintulutan ng dibisyong ito ng sapat na pag-uulat ng mga paggasta sa pondo mula sa gawad.

(d) Ang mga gastos na nauugnay sa mga lathalain, pagsusuri, pambuon-estadong pagsubaybay ng bono, pangangasiwa ng pera, at mga nauugnay na aktibidad sa pagbabantay sa seksyong ito ay dapat pondohan mula sa dibisyong ito. Hatiin dapat sa proporsiyonal na paraan ang mga gastos na ito sa bawat programa sa pamamagitan ng dibisyong ito.

Dapat bayaran ang mga maiipong aktwal na gastos sa pamamahala ng mga hindi gawad na programa na pinapahintulutan ng dibisyong ito mula sa mga pondong pinapahintulutan sa dibisyong ito.

80014. Kung hindi mae-encumber o magagastos ng tagatanggap na entidad ang anumang perang inilaan alinsunod sa dibisyong ito sa panahong itinakda ng namamahalang ahensya, ibabalik ang hindi nagastos na pera sa namamahalang ahensya upang ilaan nang naaayon sa naaangkop na kabanata.

80016. Kung maaari, ang isang proyekto, na kasama sa application ang paggamit ng mga serbisyo ng Pangkat sa Konserbasyon ng California o mga sertipikadong pangkat sa konserbasyon ng komunidad, ayon sa pagpapakahulugan sa Seksyon 14507.5, ang uunahing bigyan ng gawad sa ilalim ng dibisyong ito.

80018. Kung maaari, maaaring bigyan ng prioridad ang isang proyekto, na matipid sa tubig, nag-iipon ng tubig-ulan para sa infiltration o muling paggamit, o may mga tampok sa sequestration ng carbon sa disenyo ng proyekto sa pagbibigay ng pondo para sa gawad sa ilalim ng dibisyong ito.

80020. Hindi dapat gamitin ang inilalaang pera alinsunod sa dibisyong ito para panagutan ang anumang kinakailangan sa mitigasyon na iniaatas ng batas.

80022. (a) Kung pinapahintulutan sa pagpapatupad ng dibisyong ito at maliban kung nakasaad sa subdibisyon (b), dapat sikaping abutin ng isang ahensya ng estado na makakatanggap ng pondo sa ilalim ng dibisyong ito ang mga layunin sa konserbasyon ng mga hayop-gubat sa pamamagitan ng mga proyekto sa mga pampublikong lupain, o mga boluntaryong proyekto sa mga pribadong lupain. Dapat suriin ang mga proyekto sa mga pribadong lupain batay sa itatagal ng mga benepisyong naging resulta ng pamumuhunan. Maaaring gamitin ang mga pondo sa mga pagbabayad para sa proteksyon o paglikha ng mga nasusukat na pagpapabuti sa tirahan o iba pang pagpapabuti sa kundisyon ng mga nanganganib o malapit nang maubos na uri, sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga palitan sa kredito ng tirahan.

(b) Hindi nalalapat ang seksyong ito sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 80050), Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 80060), Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksyon 80080), Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 80090), Kabanata 11 (nagsisimula sa Seksyon 80140), Kabanata 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 80145), o Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksyon 80150).

80024. Dapat mag-ulat ang isang ahensya ng estado na makakatanggap ng pondo upang mamahala ng programa sa gawad sa ilalim ng dibisyong ito sa Lehislatura bago ang Enero 1, 2027 tungkol sa mga paggasta nito alinsunod sa dibisyong ito, at tungkol sa mga pampublikong benepisyong natanggap nito mula sa mga paggastang iyon.

80026. Ang isang konserbansya ng estado na makakatanggap ng pondo alinsunod sa dibisyong ito ay dapat magsikap na maglaan ng mga pondong tugma, ngunit hindi nag-uulit, ng mga awtorisadong paggasta na ginawa alinsunod sa Batas ng 2014 sa Pagpapahusay ng Kalidad, Suplay, at Imprastruktura ng Tubig.

80028. Ang mga pondong ibibigay alinsunod sa dibisyong ito, at ang anumang paglalaan o paglipat sa mga pondong iyon ay hindi dapat ituring na paglipat ng mga pondo para sa mga layunin sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 2780) ng Dibisyong 3 ng Kodigo sa Isda at hayop-gubat.

80030. Para sa mga gawad na ibibigay sa mga proyektong naglilingkod sa isang mahirap na komunidad, maaaring magbigay ang namamahalang entidad ng mga paunang pagbabayad sa halagang 25 porsyento ng gawad sa tagatanggap upang masimulan ang proyekto ayon sa iskedyul. Dapat ay may mga pagtibaying karagdagang iniaatas ang namamahalang entidad para sa tagatanggap ng gawad kaugnay ng paggamit sa mga paunang pagbabayad upang matiyak na magagamit ang pera nang maayos.

80032. (a) Ang mga malilikom mula sa mga bonong ibibigay at ibebenta alinsunod sa dibisyong ito, hindi kasama ang mga ibinabalik na bono na ibinibigay at ibinebenta alinsunod sa Seksyon 80172 ay dapat ideposito sa Pondo ng California para sa Tagtuyot, Tubig, Mga Parke, Klima, Proteksyon ng Dalampasigan, at Panlabas na Pag-abot para sa Lahat, na pinapatupad sa pamamagitan nito, sa Tesoreriya ng Estado.

(b) Dapat ilaan ang mga malilikom mula sa mga bonong ibibigay at ibebenta alinsunod sa dibisyong ito ayon sa sumusunod na iskedyul:

(1) Dalawang bilyon, walong daan at tatlung milyong dolyar (\$2,830,000,000) para sa mga layunin ng Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 80050), Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 80060), Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 80070), Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksyon 80080), Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 80090), Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksyon 80100), Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 80110), Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 80120), at Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 80130).

(2) Dalawang daan at limampung milyong dolyar (\$250,000,000) para sa Kabanata 11 (nagsisimula sa Seksyon 80140).

(3) Walumpung milyong dolyar (\$80,000,000) para sa Kabanata 11.1 (nagsisimula sa Seksyon 80141).

(4) Limang daan at limampung milyong dolyar (\$550,000,000) para sa Kabanata 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 80145).

(5) Tatlong daan at siyamnapung milyong dolyar (\$390,000,000) para sa Kabanata 11.6 (nagsisimula sa Seksyon 80146).

80034. Maaaring magpatupad ang Lehislatura ng batas na kinakailangan sa pagpapatupad ng mga programang pinopondohan ng dibisyong ito.

KABANATA 2. MGA PAMUMUHUNAN SA
PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA KAPALIGIRAN AT LIPUNAN,
NA NAGPAPAGINHAWA SA MAHIHIRAP NA KOMUNIDAD
SA CALIFORNIA

80050. (a) Sa paglalaan ng Lehislatura, dapat bigyan ang kagawaran ng kabuuang pitong daan at dalawampu't limang milyong dolyar (\$725,000,000) para sa paglikha at pagpapalawak ng mga ligtas na parke sa kapitbahayan sa mga kapitbahayan na kaunti lang ang parke alinsunod sa programa sa pinagkukumpitensyahang gawad ng Batas ng 2008 sa Pambuon-estadong Pagpapaunlad ng Parke at Pagpapaganda ng Komunidad, na inilalarawan sa Kabanata 3.3 (nagsisimula sa Seksyon 5640) ng Dibisyon 5.

(b) Sa pagbuo o pagbago sa mga pamantayan o alituntunin para sa programa sa gawad, maaaring magbigay ang kagawaran ng karagdagang konsiderasyon sa mga proyektong nag-iipon at nag-iimbak ng tubig-ulan, o tumutulong sa pagpigil sa polusyong dulot ng tubig-ulan.

(c) Dapat magpakita ang kagawaran ng angkop na pagsisikap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng masusing proseso ng paunang kwalipikasyon upang matukoy ang kakayahan sa pananalapi at pagpapatakbo ng potensyal na tagatanggap ng gawad sa pamamahala ng proyektong gagawa sa sumusunod:

- (1) Sulitin ang pampublikong benepisyo ng proyekto.
- (2) Ipatupad ang proyekto ayon sa iskedyul.

80051. Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 80050, hindi bababa sa 20 porsiyento ang dapat magagamit sa rehabilitasyon, paggamit sa ibang paraan, o malaking pagpapaunlad sa kasalukuyang imprastruktura ng mga parke sa mga komunidad ng estado na magresulta sa mas madalas na paggamit at pinagandang karanasan ng gumagamit.

80052. (a) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 80050, upang maiwasto ang mga nakaraang kakulangan sa pamumuhunan sa central valley, Inland Empire, gateway, probinsya, at mga komunidad sa disyerto, dapat magagamit ang kabuuang apatnapu't walong milyong dolyar (\$48,000,000) para sa mga gawad sa paglikha at pagpapabuti ng lokal na parke sa mga komunidad, na ayon na rin sa kagawaran ay kulang sa parke sa mga lugar na iyon para sa mga aktibong proyektong panlibangan, kasama ang mga sentrong pantubig, upang maisulong ang kalusugan, kalakasan, at libangan ng kabataan. Maaaring isaalang-alang ang mga proyektong may bahagya o kumpletong donasyon ng lupain, mga materyales, o mga serbisyong boluntaryo, at nagpapakita ng pagtutulungan ng maraming entidad at paggamit ng kakaunting yaman. Ang mga entidad na

makakatanggap ng gawad sa ilalim ng seksyong ito ay maaari ding maging kwalipikadong makatanggap ng iba pang gawad sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80050.

(b) Sa paglalaan ng Lehislatura, sa halagang napapailalim sa seksyong ito, dalawampu't dalawang milyong dolyar (\$22,000,000) ang magagamit ng kagawaran para sa mga gawad sa mga komunidad na bayan sa disyerto sa County ng San Bernardino, na tinatag bilang korporasyon makaraan ang 1990, na may populasyong tinatanyang nasa 22,000 ayon sa Mga Pagtataya ng Populasyon ng Kawanihan ng Census ng Estados Unidos noong Hulyo 1, 2016, na may pinagtibay na komprehensibong plano noong 2008 na may mga rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng mga pampublikong pasilidad na tutulong sa pagkamit ng mga aktibong proyektong panlibangan, kasama ang mga sentrong pantubig at kalakasan.

KABANATA 3. MGA PAMUMUHUNAN SA
PAGPOPOTEKTA, PAGPAPAHUSAY, AT PAGPAPAABOT
SA MGA LOKAL AT PANREHIYONG PANLABAS NA
ESPASYO NG CALIFORNIA

80060. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, "distrito" ay nangangahulugang anumang panrehiyong distritong pang parke, panrehiyong distritong pang parke at bukas na espasyo, o panrehiyong distritong pambukas na espasyo na nabuo alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 5500) ng Kabanata 3 ng Dibisyon 5, anumang distritong panglibangan at pang parke na nabuo alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 5780) ng Dibisyon 5, o anumang awtoridad na nabuo alinsunod sa Dibisyon 26 (nagsisimula sa Seksyon 35100). Sa pagtukoy sa anumang komunidad o rehiyong hindi natatag bilang korporasyon na hindi kasama sa isang distrito, at kung saan walang lungsod o county na may mga parke o lugar o pasilidad na panlibangan, ang "distrito" ay nangangahulugang iba pang entidad, kasama, ngunit hindi limitado sa isang distritong nagpapatakbo ng mga parkland na maraming mapanggagamitan alinsunod sa Dibisyon 20 (nagsisimula sa Seksyon 71000) ng Kodigo ng Tubig.

80061. (a) Ang kabuuan ng dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000), kapag nailaan na ng Lehislatura, ang magagamit ng kagawaran para sa mga gawad sa mga pamahalaang lokal ayon sa dami ng kanilang tao para sa rehabilitasyon, paglikha, pagpapabuti ng mga lokal na parke. Dapat hikayatin ang mga tatanggap ng gawad na gamitin ang mga gawad upang pagandahin ang mga kasalukuyang imprastruktura at matugunan ang mga kakulangan sa mga kapitbahayang kulang sa pag-abot sa labas.

(b) Ang kabuuan ng labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000), kapag nailaan na ng Lehislatura, ang magagamit ng kagawaran para sa mga gawad sa mga lungsod at distrito ng mga urbanisadong county na nagbibigay ng mga serbisyong pang parke at pang libangan sa mga hurisdiksyong may populasyong 200,000 o mas kaunti pa. Para sa

mga layunin ng subdibisyong ito, ang “urbanisadong county” ay nangangahulugang county na may populasyong 500,000 o higit pa. Ang isang entidad na kwalipikadong makatanggap ng mga pondo sa ilalim ng subdibisyong ito ay magiging kwalipikado ding makatanggap ng mga pondo sa ilalim ng subdibisyong (a).

(c) Maliban nalang kung natukoy na naglilingkod ang proyekto sa isang napakahirap na komunidad, aatasan ang entidad na makatanggap ng gawad alinsunod sa seksyong ito na magbigay ng katumbas na 20 porsyento bilang lokal na bahagi.

80062. (a) (1) Dapat ilaan ng kagawaran ang 60 porsyento ng mga pondong ipinapagamit alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksyon 80061 sa mga lungsod o distrito, bukod pa sa panrehiyong distritong pang parke, panrehiyong distritong pang parke at panlabas na espasyo, awtoridad ng mga panlabas na espasyo, o panrehiyong distritong panlabas na espasyo. Ang ilalaan sa bawat lungsod at distrito ay dapat sa parehong rasyo ng populasyon ng lungsod o distrito sa kabuuang populasyon ng estado na sakop ang mga lugar na hindi lokal na korporasyon at mga lugar na lokal na korporasyon sa county, ngunit dapat pa rin ang ilalaan para sa bawat lungsod o distrito ay hindi kukulang dalawang daang libong dolyar (\$200,000). Kung magkapatong ang hangganan ng isang lungsod sa hangganan ng isang distrito, itatalaga ang populasyon sa magkapatong na lugar sa bawat hurisdiksyon sa proporsyon ng pinapatakbo at pinapamahalaan ng hurisdiksyon na iyon na mga parke at lugar at pasilidad na panlibangan para sa populasyon na iyon. Kung magkapatong ang hangganan ng isang lungsod sa hangganan ng isang distrito, at hindi nagpapatakbo at namamahala ang lungsod ng mga parke at lugar at pasilidad na panlibangan sa nagkapatong na lugar, ilalaan ang lahat ng pondo ng gawad sa distrito.

(2) Bago o sa Abril 1, 2020, ang isang lungsod at distrito na napapailalim sa parirala (1), na may mga magkapatong na hangganan, ay magtutulungan at isusumite sa kagawaran ang tiyak na plano para sa paglalaanan ng mga pondo ng gawad alinsunod sa pormula na nakasaad sa parirala (1). Kung sa petsang iyon, hindi pa nabubuo at naisusumite ang plano sa kagawaran, ang direktor ang magpapasya kung paano ilalaan ang mga pondo ng gawad sa mga apektadong hurisdiksyon.

(b) (1) Ilalaan ng kagawaran ang 40 porsyento ng mga magagamit na pondo alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksyon 80061 sa mga county at panrehiyong distritong pang parke, panrehiyong distritong pang parke at panlabas na espasyo, awtoridad ng panlabas na espasyo na nabuo alinsunod sa Dibisyong 26 (nagsisimula sa Seksyon 35100), at panrehiyong distritong panlabas na espasyo na nabuo alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 5500) ng Kabanata 3 ng Dibisyong 5.

(2) Ang ilalaan sa bawat county sa ilalim ng parirala (1) ay dapat nasa parehong proporsyon ng

populasyon ng county sa kabuuang populasyon ng estado, ngunit ang ilalaan sa bawat county ay hindi bababa sa apat na raang libong dolyar (\$400,000).

(3) Sa anumang county na sakop ang lahat o bahagi ng teritoryo ng panrehiyong distritong pang parke, panrehiyong distritong pang parke at panlabas na espasyo, awtoridad ng panlabas na espasyo, o panrehiyong distritong pang labas na espasyo, at na may lupon ng mga direktor na hindi ang lupon ng mga superbisor ng county, ang halagang inilaan sa county ay hahatiin sa distrito at county sa proporsyon ng populasyon ng county na kasama sa teritoryo ng distrito, at sa populasyon ng county na wala sa teritoryo ng distrito.

(c) Para sa layuning pagkalkula na kailangan sa seksyong ito, ang kagawaran ang magtatakda sa populasyon, sa tulongng Kagawaran ng Pananalapi, base sa pinakabagong makukumpirmang datos ng census at iba pang makukumpirmang datos ng populasyon na maaaring hingin ng kagawaran sa aplikant na lungsod, county, o distrito.

(d) Hangarin ng Lehislatura na gamitin ng lahat ng tatanggap ng mga pondo alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksyon 80061 na gamitin ang mga pondong iyon bilang pandagdag sa kitang lokal na naroon na sa petsa ng pagkabisa ng batas na nagdadagdag sa dibisyong ito. Upang makatanggap ng ilalaan alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksyon 80061, hindi dapat bawasan ng tagatanggap ang halaga ng pondong maaring magagamit sa mga parke o iba pang proyekto na kwalipikado para sa mga pondo sa ilalim ng dibisyong ito sa hurisdiksyon nito. Sa pagkalkula sa mga taunang paggasta ng isang tagatanggap, hindi dapat isaalang-alang ang minsanang paglalaan ng iba pang pondo na hindi patuloy na magagamit at nagasta na para sa mga parke o iba pang proyekto. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, maaaring humingi ang Tagakontrol ng datos pananalapi sa mga tagatanggap para sa nakaraang tatlong taong pananalapi. Dapat ibigay ng bawat tagatanggap ang datos sa Tagakontrol sa loob ng 120 araw matapos matanggap ang kahilingan mula sa Tagakontrol.

80063. (a) Lhahanda at magkakaroon ng pagtibaying pamantayan at pamamaraan ang direktor ng kagawaran para sa pagsusuri ng mga application para sa mga inilalaang gawad alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksyon 80061. Dapat ay may kasamang sertipikasyon ang application na nagsasabing naaangkop ang proyekto sa elemento ng parke at libangan sa pangkalahatang plano ng lungsod o county, o sa plano ng libangan ng parke ng distrito, alinman ang naaangkop.

(b) Upang masulit ang mga magagamit na pondo ng gawad sa pinakaapektibong paraan, hinihikayat ang mga magkapatong at magkatabing hurisdiksyon at aplikanteng may magkakatulad na layunin na pagsama-samahin ang mga proyekto at magsumite ng pinagsamang application. Maaaring ilaan ng isang tagatanggap ang lahat o bahagi ng kanyang parteng

pangkapita para sa isang proyekto ng rehiyon o estado.

80065. (a) Ang kabuuang tatlungpung milyong dolyar (\$30,000,000), sa paglalaan ng Lehistura, ang magagamit ng kagawaran para sa mga gawad sa mga panrehiyong distritong pang parke, panrehiyong distritong pang parke at panlabas na espasyo, awtoridad para sa panlabas na espasyo na nabuo alinsunod sa Dibisyon 26 (nagsisimula sa Seksyon 35100), awtoridad na may pinagsamang kapangyarihan, at mga kwalipikadong organisasyong nonprofit, na ang batayan ay ang pinagkukumpitensyahang gawad, na gumawa, magpalawak, magpahunay, maisailalim sa rehabilitasyon, o magpanumbalik ng mga parke at pasilidad ng parke, kasama, ngunit hindi limitado sa mga landas, panrehiyong network ng landas, panrehiyong pang-isports na complex, murang matutuluyan sa mga pasilidad ng parke, at mga pasilidad na pambisita, panlabas, at pang-impormasyon na naglilingkod sa kabataan at mga komunidad na hindi puti.

(b) Sa pagbibigay ng pera, dapat hikayatin ng kagawaran ang mga aplikanteng humihingi ng pondo para sa mga proyektong pagbibili na gumawa ng mga proyektong may kasabay na mga bago o pinagandang oportunidad na pampublikong paggamit at pag-abot.

(c) Maaaring unahin ang mga proyekto ng landas na maraming mapaggagamitan kaysa sa mga proyekto ng landas na iisa lang ang mapaggagamitan.

(d) Sa kabila ng nabanggit sa (a), sa halagang napapailalim sa seksyong ito, dapat bigyan ng kabuuang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang mga proyekto sa mga yunit ng mga sistema ng parke ng estado na pinapamahalaan ng mga organisasyong nonprofit na may kasunduan sa pagpapatakbo sa kagawaran.

80066. Ang kabuuang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000), sa paglalaan ng Lehistura, ang magagamit ng kagawaran para sa mga gawad, na dapat ibigay sa proporsyon ng pinaglilingkurang populasyon, sa mga lokal na ahensyang nakakuha ng pag-aproba ng botante mula Nobyembre 1, 2012 hanggang Nobyembre 30, 2018, para sa mga panukalang nagpapaganda ng kita na nakatuon sa pagpapabuti at pagpapahunay sa imprastruktura ng parke ng lokal o rehiyon. Makakatanggap ang isang tagatanggap ng gawad sa ilalim ng seksyong ito ng hindi bababa sa dalawang daan at limampung libong dolyar (\$250,000) para sa mga panukalang magpapaganda ng kita.

KABANATA 4. PAGPAPANUMBALIK SA PAMANANG LIKAS NA YAMAN, KASAYSAYAN, AT KULTURA NG CALIFORNIA

80070. Ang kabuuang dalawang daan at labingwalong milyong dolyar (\$218,000,000), sa paglalaan ng Lehistura, ang magagamit ng kagawaran para sa pagpapanumbalik, pangangalaga, at pagprotekta ng mga kasalukuyang pasilidad ng parke ng estado at mga units. Ang mga

kwalipikadong uri ng proyekto ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

(a) Pagprotekta ng mga likas na yaman upang makapagbigay ng mga benepisyo sa pagbawi ng planeta mula sa pagbabago ng klima, suplay ng tubig, at kalidad ng tubig.

(b) Pagpapahunay sa pag-abot sa mga pasilidad at yunit ng parke ng estado, kasama ang pagprotekta at pagpapabuti sa mga lupain malapit sa mga pasilidad ng parke ng estado upang mapahunay ang pag-abot o pamamahala.

(c) Pagbibigay ng mga murang matutuluyan sa mga paraang nagpapadali sa psg-abot at nagpapaganda sa mga panlibangang oportunidad para sa mga residente ng mahihirap na komunidad at bisita ng parke na maliit lang ang kita.

(d) Pagpapatupad ng mga proyektong nakakatugon sa naipon nang ipinagpalibang pagmementina ng kagawaran.

80071. Sa paggasta sa pondong magagamit sa ilalim ng kabanatang ito, ang kagawaran, kung naaangkop, ay magsusumikap na makipagtulungan sa mga lungsod, county, organisasyong nonprofit, at mga di-pampamahalaang organisasyon upang masulit ang paggamit ng mga oportunidad sa pagpapaganda sa mga karanasan sa turismo, pagbisita, at karanasan ng mga bisita.

80072. Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80070, ang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit sa mga proyekto sa pangangalakal na nagbibigay-daan sa mga bago o pinagandang karanasan sa parke at karanasan ng gumagamit, at nagpapalaki sa pumapasok na kita upang suportahan ang mga pagpapatakbo ng kagawaran.

80073. (a) Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80070, ang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang magagamit para sa mga gawad sa mga lokal na ahensyang nagpapatakbo ng yunit ng sistema ng parke ng estado upang matugunan ang agad na pangangailangang ipanumbalik ang mga naluluma nang imprastruktura.

(b) Para sa mga layuning pagbibigay ng gawad sa ilalim ng kabanatang ito, dapat ay mag-atas ng bahagi sa lokal na gastos na hindi bababa sa 25 porsyento ng kabuuang gastos ng proyekto. Ang iniatas na pakikibahagi sa gastos ay maaaring pabayaan o bawasan para sa isang mahirap na komunidad.

80074. Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80070, ang labingwalong milyong dolyar (\$18,000,000) ang magagamit ng Dibisyon ng Mga Eksibisyon at Eksposisyon ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura upang mapabuti ang mga pasilidad para sa mga eksibisyon ng county, asosasyon sa agrikultura ng distrito, kasama ang Ikaanim na Asosasyon sa Agrikultura ng Distrito, na inilalarawan sa Seksyon 4101 ng Kodigo ng Pagkain at Agrikultura, at Ikaapatnapu't Apat na Asosasyon sa

Agrikultura ng Distrito, mga eksibisyon para sa citrus na prutas, at Eksposisyon ng California at Eksibisyon ng Estado.

80075. Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80070, ang tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit ng kagawaran para sa pagpapaulad ng proyekto sa pinamurang matutuluyan sa dalampasigan sa mga yunit ng sistema ng parke ng estado.

80076. Sa halagang ipinapagamit alinsunod sa Seksyon 80070, hindi bababa sa dalawampung't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang magagamit ng kagawaran para sa pagprotekta, pagpapanumbalik, at pagpapahusay sa mga likas na yaman ng sistema ng parke ng estado, na maaaring kabilang ang sumusunod:

(a) Pagprotekta at pagpapahusay sa kalidad ng tubig at biyolohikal na kalusugan sa mga batis, aquifer, at mga ekosistema sa mga estuwaryo.

(b) Pagprotekta at pagpapanumbalik sa mga likas na yaman at ekosistema na kumakatawan sa iba't ibang tampok na lupain ng California, kasama ang pagpapanumbalik ng landform, tirahan, at biyolohikal na komunidad.

(c) Pagbili, rehabilitasyon, pagpapanumbalik, pagprotekta, at pagpapalawak ng mga koridor ng hayop-gubat, kasama ang mga proyekto upang mapahusay ang koneksyon at mabawasan ang mga hadlang sa pagitan ng mga tirahan.

(d) Pagpapaganda sa pagpapanumbalik at pag-aangkop sa klima ng likas na ekosistema.

(e) Pagpapabuti sa kalusugan ng mga gubat na may redwood upang mapabilis ang pagdami ng matatandang puno, masulit ang sequestration ng carbon, mapahusay ang kalidad ng tubig, at pagbawi mula sa pagbabago ng klima.

(f) Pagprotekta at pagpapahusay sa mga pangkulturang yaman ng mga tribo.

80077. (a) Sa paggasta sa mga pondong magagamit alinsunod sa Seksyon 80070, at pagbibigay ng prioridad sa mga pamantayan ng kagawaran sa paggasta ng mga pondo para sa ipinagpalibang pagmementina kasama ang mga pangangailangan ng imprastruktura upang maprotektahan ang kaligtasan ng publiko, ang kagawaran ay magsusumikap sa abot ng kanyang makakaya na gastusin nang hindi bababa sa sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa bawat isa sa mga sumusunod na rehiyon para sa mga ipinagpalibang proyekto sa pagmementina ng mga yunit ng parke ng estado at ari-arian, at mga proyektong maaaring magpaganda sa turismo at mga karanasan ng mga bisita sa mga rehiyong iyon:

(1) Central Valley, mula sa Lungsod ng Sacramento sa hanggang sa paanan ng Tehachapi Mountains.

(2) Central Coast.

(3) East Bay.

(4) County ng Imperial at Coachella Valley.

(5) Inland Empire.

(b) Kung hindi makakapaglaan ang kagawaran ng mga pondo para sa ipinagpalibang pagmementina ng mga parke sa mga rehiyong nakasaad sa seksyong ito, dapat nitong iulat sa mga naaangkop na komite ng patakaran at pananalapi ang mga dahilan kung bakit hindi kakayanin.

KABANATA 5. MGA LANDAS AT GREENWAY INVESTMENT

80080. (a) Ang kabuuang tatlung milyong dolyar (\$30,000,000), sa paglalaan ng Lehislatura, ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman (Natural Resource Agency), na sa pakikipagtulungan sa kagawaran, para sa mga pinagkukumpitensyahang gawad para sa mga lokal na ahensya, konserbansya ng estado, tribong Native American na kinikilala ng pederal, mga tribong California Native Americans na hindi kinikilala ng pederal na nakalista sa Sangguniang Listahan ng Mga Tribo ng California (California Tribal Consultation List) na pinapanatili ng Komisyon sa Pamana ng Mga Katutubong Amerikano (Native American Heritage Commission), at mga organisasyong nonprofit upang mapaunlad at mapahusay ang mga hindi demotor na imprastrukturang nagsusulong ng bago o alternatibong pag-abot sa mga parke, daang tubig, panlabas na libangan, at kagubatan o iba pang lugar na may likas na yaman upang maisulong ang aktibong transportasyon at mga oportunidad na nauugnay sa kalusugan nang sa gayon ay muling mapalapit ang mga mamamayan ng Californian sa kalikasan.

(b) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, maaring magamit ang hanggang 25 porsyento sa mga komunidad para sa mga makabagong proyekto sa transportasyon na nagbibigay ng mga bago at pinalawak na panlabas na karanasan ng mga kabataang disadventaged.

(c) Maaaring isulong ang pagsasaayos, pagpapaulad, at pagpapabuti ng mga hindi demotor na imprastruktura at landas na mas ligtas ang koneksyon sa mga parke, waterway, at mga lugar na may likas na yaman.

(d) Sa pagdidisenyo ng mga alituntunin para sa mga gawad na ibibigay sa ilalim ng kabanatang ito, hinihikayat ang Natural Resources Agency na gamitin ang mga kasalukuyang alituntunin ng programa, kasama, kung naaangkop, ang mga alituntuning itinakda para sa Batas sa Mga Panlibangang Landas ng California (Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 5070) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 5) at kung maaari, na magdisenyo ng mga alituntuning naaayon sa Plano ng Panlibangang California Recreational Trails Plan, gaya ng inilalarawan sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 5070) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 5.

80081. Maliban na lang kung natukoy na naglilingkod ang proyekto sa isang disadventaged na

komunidad, aatasan ang entidad na makakatanggap ng gawad sa ilalim ng kabanatang ito na magbigay ng katumbas na 20 poryento.

KABANATA 6. PAMUMUHUNAN PARA SA LIBANGAN SA PROBINSYA, TURISMO, AT PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA

80090. (a) Ang kabuuang dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000), sa paglalaan ng Lehislatura, ang magagamit ng kagawaran upang mamahala ng programa sa pinagkukumpitensyahang gawad para sa mga lungsod, county, at distrito sa mga di-urbanisadong lugar, na kwalipikado para sa isang gawad sa ilalim ng Batas ng Roberti-Z'berg-Harris sa Programa sa Bukas na Espasyo at Libangan sa Lungsod (Kabanata 3.2 (nagsisimula sa Seksyon 5620) ng Dibisyon 5). Sa kabila ng mga nabanggit sa subdibisyon (c) at (e) ng Seksyon 5621 at para sa mga layunin ng seksyong ito, isasapanahon ng kagawaran ang kahulugan ng "di-urbanisadong lugar" upang ipakita ang kasalukuyang dami ng populasyon. Sakop ng isang di-urbanisadong lugar ang mga county na may populasyong hindi kulang sa 500,000 na katao at mababang density ng populasyon bawat square mile, alinsunod sa pagpapasya ng kagawaran. Sa pagbibigay ng mga gawad, maaaring isaalang-alang ng kagawaran ang mga sumusunod na kadahilanan:

(1) Kung makakapagbigay ba ang proyekto ng mga bagong oportunidad sa mga komunidad sa probinsya na nagpakita ng mga pagkukulang at kakulangan sa panlabas na imprastruktura nagsusuporta sa mga layunin pang-ekonomiya at pangkalusugan.

(2) Kung ipinapanukala ba ng proyekto na bumili at magpaunlad ng mga lupain upang mapaganda ang libangan sa mga tirahan habang isinusulong ang kalidad ng mga karanasan sa turismo at sigla ng ekonomiya ng komunidad. Maaaring mapabilang sa mga pagpapahusay na ito ang accessibility para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, landas, daanan ng bisikleta, destination-oriented na mga pasilidad panlibangan, at mga sentro para sa bisita.

(3) Kung kasama ba sa proyekto ang pakikipagtulungan ng mga pampubliko at organisasyong nonprofit, kasama, ngunit hindi limitado, sa mga nonprofit trust sa lupain, upang mabigyang daan ang pampublikong pag-abot sa mga lupaing pag-aari ng mga pribadong entidad para sa pagpapaunlad ng panrehiyong landas para sa pag-oberba ng hayop-gubat, libangan, o mga panlabas na karanasan sa kabataan.

(b) Maliban na lang kung natukoy na naglilingkod ang proyekto sa isang disadvantaged na komunidad, aatasan ang entidad na makakatanggap ng gawad sa ilalim ng kabanatang ito na magbigay ng katumbas na 20 porsyento.

KABANATA 7. PROGRAMA NG CALIFORNIA SA MGA PAGPAPABUTI SA ILOG LIBANGAN, SAPA, AT WATERWAY

80100. (a) Ang kabuuang isang daan at animnapu't dalawang milyong dolyar (\$162,000,000),

sa paglalaan ng Lehislatura, ang magagamit para sa mga gawad alinsunod sa Batas ng 2004 sa Mga Parkway ng Ilog ng California (Kabanata 3.8 (nagsisimula sa Seksyon 5750) ng Dibisyon 5) at Programa sa Pagpapanumbalik ng Mga Batis sa Lungsod alinsunod sa Seksyon 7048 ng Kodigo ng Tubig. Sakop sa mga kwalipikadong proyekto, ngunit hindi limitado sa, mga proyektong pumoprotekta at nagpapaganda sa mga sapa ng lungsod.

(1) (A) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, tatlumpu't pitong milyon at limang daang libong dolyar (\$37,500,000) ang magagamit sa Konserbansya ng Santa Monica Mountains. Sa kabila ng nabanggit sa subdibisyon (c) ng Seksyon 5753, sa halagang iyon, labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) ang magagamit sa mga proyekto sa San Fernando Valley na pumoprotekta o nagpapaganda sa watershed ng ng Los Angeles River at sa mga tributaryo o headwater nito, alinsunod sa Dibisyon 23 (nagsisimula sa Seksyon 33000).

(B) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, tatlumpu't pitong milyon at limang daang libong dolyar (\$37,500,000) ang magagamit sa Konserbansya ng Mga Ilog at Kabundukan ng San Gabriel at Lower Los Angeles.

(C) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa pariralang ito ang gagastusin alinsunod sa Seksyon 79508 ng Kodigo ng Tubig at Dibisyon 22.8 (nagsisimula sa Seksyon 32600) at Dibisyon 23 (nagsisimula sa Section 33000).

(2) Sa halagang maagamit alinsunod sa subdibisyong ito, labing-anim na milyong dolyar (\$16,000,000) ang magagamit sa Programa ng Konserbansya sa Ilog ng Santa Ana alinsunod sa Kabanata 4.6 (nagsisimula sa Seksyon 31170) ng Dibisyon 21. Hangga't maaari, ipamamahagi ng konserbansya ang mga pondo nang pantay-pantay sa mga lugar na gawi sa Ilog ng Santa Ana.

(3) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit sa Programa ng Konserbansya sa Lower American River alinsunod sa Kabanata 10.5 (nagsisimula sa Seksyon 5845) ng Dibisyon 5.

(4) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, tatlong milyong dolyar (\$3,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman para sa mga proyektong sumusuporta sa pangangalaga ng Sapa ng Los Gatos at Upper Guadalupe River Watersheds, at mga kaugnay na redwood.

(5) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, tatlong milyong dolyar (\$3,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman para sa mga proyektong sumusuporta ng komprehensibong plano ng pamamahala sa panrehiyong paggamit para sa Ilog Russian upang mabawasan ang salungatan at maisulong ang mga

pagpapabuti sa suplay ng tubig, pagpapanumbalik at proteksyon ng tirahan, kolektibong pampublikong libangan, at komersyal na aktibidad.

(6) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit ng Konserbansya ng Dalampasigan ng Estado para sa mga proyekto sa parkway ng ilog sa Ilog ng Santa Margarita sa County ng San Diego.

(7) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman para sa mga pagpapabuti ng at sa paligid ng Clear Lake at sa watershed nito na nagpapakita ng komprehensibong lokal at panrehiyong paraan sa pagpapanumbalik, pampublikong libangan, at pamamahala sa lawa at sa mga nakapaligid ditong yaman at lugar na panlibangan.

(8) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit sa mga layunin ng Batas ng 2004 sa Mga Parkway ng Ilog ng California (Kabanata 3.8 (nagsisimula sa Seksyon 5750)).

(9) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Tubig Yaman, sa paglalaan ng Lehislatura, upang maipatupad ang Programa sa Pagpapanumbalik ng Mga Batis sa Lungsod, na binuo alinsunod sa Seksyon 7048 ng Kodigo ng Tubig.

(10) Sa halagang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman para sa mga proyekto sa parkway ng ilog sa gawi ng Ilog ng Los Angeles sa Lungsod ng Glendale na may koneksyon sa mga parke at panlabas na espasyo sa mga kalapit na komunidad.

(b) Maliban na lang kung natukoy na naglilingkod ang proyekto sa isang disadventaged na komunidad, aatasan ang entidad na makakatanggap ng gawad sa ilalim ng kabanatang ito na magbigay ng katumbas na 20 porsyento.

(c) Para sa ganap na pagtutulungan at paggamit ng yaman, maaaring bigyan ng priyoridad ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman ang mga proyektong sakop ang partnerships ng mga ahensya ng pederal, estado, at lokal, at ang mga proyektong ipinapanukala ng mga organisasyong nonprofit, kasama, ngunit hindi limitado, sa mga nonprofit trusts sa lupain, at mga gawad na maaaring tugma sa isang plano ng konserbasyon ng mga likas na yaman sa komunidad.

80101. Hanggang sa maaaring gawin, hinihikayat ang Ahensya ng Mga Likas na Yaman na sa pagbuo ng mga alituntunin sa mga gawad na ibinibigay sa ilalim ng kabanatang ito, gamitin ang mga kasalukuyang programa kung saan pumapasok sa partnerships ang mga komunidad sa mga ahensya ng estado para sa mga proyektong maraming benepisyong upang mapahusay at mapanumbalik ang

mga waterway, kasama, ngunit hindi limitado, sa programang Teknikal na Tulong sa Pangangasiwa ng Riverine.

KABANATA 8. KONSERBASYON SA ESTADO, LUPON
 PARA SA KONSERBASYON NG HAYOP-GUBAT, AT
 PONDO NG AWTORIDAD

80110. Ang kabuuang pitong daan at animnapu't pitong milyong dolyar (\$767,000,000), ang magagamit, sa paglalaan ng Lehislatura, ayon sa inilalarawan sa kabanatang ito.

(a) Tatlungpum milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit ng Awtoridad ng Salton Sea para sa mga proyektong capital outlay na naghahatid ng mga benepisyong sa kalidad ng hangin at lugar na tirahan, at nagpapatupad sa Programa sa Pangangasiwa ng Salton Sea ng Ahensya ng mga Likas na Yaman. Sa halagang ito, hindi bababa sa sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit ng Awtoridad ng Salton Sea para sa mga layuning alinsunod sa Kalidad ng Tubig ng New River, Pampublikong Kalusugan, at Programa sa Pagpapaunlad ng River Parkway, ayon sa inilalarawan sa Seksyon 71103.6.

(b) Isang daan at walumpung milyong dolyar (\$180,000,000) ang magagamit ng mga sumusunod na konserbansiya alinsunod sa mga umiiral na batas para sa mga tinukoy na layunin, alinsunod sa sumusunod na iskedyul:

(1) Konserbansiya ng Baldwin Hills, anim na milyong dolyar (\$6,000,000).

(2) Konserbansiya ng California Tahoe, dalawampung pitong milyong dolyar (\$27,000,000).

(3) Konserbansiya ng Bulubundukin ng Coachella Valley, pitong milyong dolyar (\$7,000,000).

(4) Konserbansiya ng Sacramento-San Joaquin Delta, labindalawang milyong dolyar (\$12,000,000).

(5) Konserbansiya ng Ilog San Diego, labindalawang milyong dolyar (\$12,000,000).

(6) Konserbansiya ng mga Ilog at Bulubundukin ng San Gabriel at Lower Los Angeles, tatlungpum milyong dolyar (\$30,000,000).

(7) Konserbansiya ng Ilog San Joaquin, anim na milyong dolyar (\$6,000,000).

(8) Konserbansiya ng Bulubundukin ng Santa Monica, tatlungpum milyong dolyar (\$30,000,000).

(9) Konserbansiya ng Sierra Nevada, tatlungpum milyong dolyar (\$30,000,000).

(10) Konserbansiya ng Baybayin ng Estado, dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) para sa mga gawad na alinsunod sa Seksyon 66704.5 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa pagpapanumbalik ng San Francisco Bay alinsunod sa Batas ng Awtoridad sa Pagpapanumbalik ng San Francisco Bay (Titulo 7.25 (simula sa Seksyon 66700) ng Kodigo ng Pamahalaan). Sa kabila ng subdibisyon (e) ng Seksyon 66704.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Konserbansiya ng Baybayin ng Estado ay

magtatakda ng kaalinsabay na gawad para sa gawad na matatanggap alinsunod sa talatang ito.

(c) Isang daan at tatlumpu't pitong milyong dolyar (\$137,000,000) ang magagamit ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat.

80111. Ang halagang magagamit ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 80110 ay hahatiin ayon sa sumusunod:

(a) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang magagamit para sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pamumuhunan para sa panrehiyong konserbasyon na hindi pinopondohan alinsunod sa Seksyon 800 ng Kodigo ng mga Kalsada at Lansangan o iba pang batas.

(b) Hindi bababa sa limampu't dalawang milyong dolyar (\$52,000,000) ang magagamit sa pagbili, pagpapaunlad, rehabilitasyon, pagpapanumbalik, proteksyon, at pagpapalawak ng lugar na tirahan na tutulong sa pagpapatupad ng mga plano sa konserbasyon ng likas na komunidad na ipinatupad alinsunod sa Batas sa Pagpapalano ng Konserbasyon ng Likas na Komunidad (Kabanata 10 (simula sa Seksyon 2800) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Pangangisda at Pangangaso) upang makatulong sa pag-aayos ng mga salungatan sa likas-yaman sa pamamagitan ng pagbabalanse ng konserbasyon sa buong komunidad, pagpapalano, at mga pang-ekonomiyang aktibidad o iba pang malawakang plano sa konserbasyon ng lugar na tirahan na mag-aayos ng mga salungatan na yaman at nang mga probisyon para sa konserbasyon, pagpapalano, at mga pang-ekonomiyang aktibidad. Ang pondong alinsunod sa talatang ito ay hindi dapat gamitin para sa mga obligasyon sa mitigasyon na kinakailangan, ngunit maaari gamitin bilang bahagi ng pinagsosyohang pondo upang pahasayin, palawakin, o paigtingin ang mga pagsisikap sa konserbasyon na kinakailangan ng mitigasyon.

(c) Hanggang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang mailalaan sa Sistema ng Likas na Reserba ng Unibersidad ng California para sa pagbibigay ng mga pangtapat na gawad para sa pagbili ng lupain, konstruksyon at pagpapaunlad ng mga pasilidad para sa pananaliksik upang mapahusay ang pangangasiwa sa mga likas na lupain, para sa pagprotekta sa mga likas na hayop gubat ng California, at upang magsulong ng pananaliksik na nauugnay sa pagbabago ng klima. Ang Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat ay magtatakda ng kinakailangan pangtapat na gawad para sa mga tatanggap ng gawad alinsunod sa subdibisyong ito.

(d) Ang natitirang bahagi ng halagang iyon ang magagamit ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat upang makapagbigay ng pondo para sa mga sumusunod na proyekto:

(1) Mga proyektong magpoprotekta at magpapaganda ng mga pambansang lugar na panglibangan na nagsisilbi sa mga ganap na

urbanisadong lugar o, sa pakikipagtulungan sa Komisyon ng mga Lupain ng Estado, upang makakuha ng interes sa mga pederal na pampublikong lupain na maaaring ibenta o pamigay.

(2) Mga proyektong alinsunod sa mga batas ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat para sa mga tinukoy na layunin nito.

80112. Ang tatanggap na entidad na nakalista sa subdibisyon (b) ng Seksyon 80110 ang dapat gumawa at magpatupad ng pangunahing plano ng estratehiya na tumutukoy ng mga priyoridad at partikular na pamantayan para sa pagpili ng mga proyektong popondohan. Sakop ng planong estratehiyadiskarte ang mga estratehiya para sa pagbibigay sa publiko ng pag-abot hangga't maari sa mga kinokonserbang lupain, at tugma sa mga layunin at mithiin ng proyekto.

80113. Ang mga entidad, sa paggamit ng pondong nakalaan alinsunod sa kabanatang ito, ay magsisikap, hanggang maari, na makipagsosyo sa mga lungsod, county, organisasyong nonprofit, awtoridad na may pinagsamang kapangyarihan, at organisasyong hindi pampamahalaan upang makabili ng bukaspanlabas na espasyo at makagawa ng mga greenway corridors sa lungsod.

80114. (a) Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80110, dalawandaang milyong dolyar (\$200,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa pagpapatupad ng mga boluntaryong kasunduan na magbibigay ng iba-ibang benepisyo ng kalidad ng tubig, suplay ng tubig, at proteksyon at pagpapanumbalik ng mga watershed ng estado upang makamit ang mga layunin ng pagsasama-sama ng mga pagsisikap sa pagkontrol at pagboboluntaryo, pagpapatupad ng naisapanahong Plano sa Pagkontrol ng Kalidad ng Tubig ng Estuwaryo ng San Francisco Bay/Sacramento-San Joaquin Delta mula sa mga Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunan ng Tubig ng Estado, at para matiyak ang mga benepisyong pangkapaligiran. Ang paggastos ng mga pondong inilaan sa seksyong ito ay alinsunod sa mga sumusunod:

(1) Para sa seksyong ito, sakop ng pagpapanumbalik ng watershed ang mga aktibidad na magpopondo ng mga tirahan sa wetland, mga benepisyo pang salmon, steelhead, at palaisdaan, pahasayin at ipanumbalik ang kalusugan ng ilog, gawing modernisado ang mga tawiran sa batis, alkantariya, at tulay, muling ikonekta ang mga dating flood plains, magkabit o magpaganda ng mga pangharang sa isda, gumawa ng mga daanan ng isda, ipanumbalik ang mga daluyan ng ilog, ipanumbalik o pagandahin ang lugar na tinitirhan sa tabing-ilog, tubig, at lupa, pahasayin ang mga gawaing pangkapaligiran, bumili ng mga lupain para sa konserbasyon sa tabing-ilog mula sa mga handang magbenta, pahasayin ang pangangasiwa sa lokal na watershed, pangangasiwa sa mandaragit, pangangasiwa sa pamisaan, at mag-alis ng sedimento o basura.

(2) Para sa seksyong ito, maaaring gamitin ang mga pondo sa mga proyektong malakimasusukat ang pagpapabuti ng daloy ng tubig sa oras at lokasyong kinakailangan upang mabigyan ng mga benepisyong ang mga palaisdaan o ekosistema, o mga pagpapahusay na nakakapagpabuti ng mga kasalukuyang kundisyon ng pagdaloy. Sakop ng mga uri ng proyekto na maaaring kwalipikado, ngunit hindi limitado sa, mga transaksyong ukol sa tubig tulad ng pagpapahiram, pagbili, o pakikipagpalit, pagbabago ng mga petisyon na magbibigay benepisyong sa isda at hayop-gubat, storage sa lupa na gagamitin upang pabutihin ang daloy ng tubig, pagtatakda ng mga karapatan sa tubig, mga pagbabago sa pangangasiwa ng tubig, imbakan ng tubig mula sa ilalim ng lupa at konektadong paggamit, mga proyekto sa pagpapanumbalik ng tirahan na magbabago sa hydrograph ng daloy ng tubig, pangkalahatang pagtitipid sa tubig, mga pagpapabuti sa irigasyon at imprastruktura ng tubig na nakakatipid ng tubig at nagbibigay-daan sa pagbabago ng hydrograph ng daloy ng tubig, muling pagkonekta ng mga daloy ng baha sa mga napanumbalik na flood plain, at muling pagbubukas ng mga reserba ng tubig sa mga kasalukuyan at bagong lugar ng imbakan.

(b) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa seksyong ito ang magagamit para sa mga direktang gastos at gawad para lokal na pantulong ng Ahensya ng Likas na Yaman, na sa ilalim ng konsultasyon sa Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat, na alinsunod sa lahat ng sumusunod:

(1) Magpatupad ng mga boluntaryong kasunduan na ipinatupad Departamento ng Isda at Hayop-Gubat kasama ng mga pederal at pang-estadong ahensya, lokal na pamahalaan, mga distrito at ahensya ng tubig, at mga organisasyong hindi pampamahalaan na nagpapahusay ng mga daloy ng tubig at lugar na tirahan para sa iba't ibang uri ng hayop, gumawa ng suplay ng tubig at kasiguraduhan sa pagkontrol para sa mga gumagamit ng tubig, at magtulungan sa pagpapatupad ng Plano sa Pagkontrol ng Kalidad ng Tubig ng Bay-Delta.

(2) Magpatupad ng boluntaryong kasunduan na isinumite ng Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat sa Lupon para sa Pagkontrol ng Mapagkukunan ng Tubig ng Estado bago o sa Hunyo 1, 2018, para sa pagsasaalang-alang.

(3) Magpatupad ng boluntaryong kasunduan na makakaapekto sa buong estado, magpapanumbalik ng mga likas na yaman sa tubig o tabing-ilog, o tirahan sa mga wetland ng mga ibon at pantubig na hayop, magpoprotekta o magsusulong ng pagpapanumbalik ng mga nanganganib o napepeligrong uri ng hayop, magpapahusay sa pagiging maaasahan ng mga suplay ng tubig sa isang rehiyon o sa maraming rehiyon, at maghahatid ng mahahalagang benepisyong pang-ekonomiya sa rehiyon o buong estado.

(c) Ang mga pondong alinsunod sa seksyong ito ay hindi dapat gamitin pambayad sa mga gastos sa

pagdidisenyo, konstruksyon, operasyon, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad ng transportasyon sa Delta.

(d) Kung magsusumite ang Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat ng boluntaryong kasunduan na nakakatugon sa talata (2) ng subdibisyon (b), ang mga hindi nakataling pondo magagamit alinsunod sa seksyong ito upang ipatupad ang boluntaryong kasunduan na ito ay mawawala 15 taon pagkatapos ng petsa kung kailan inaprubahan ng Lupon para sa Pagkontrol ng Mapagkukunan ng Tubig ng Estado ang isinumiteng kasunduan, at sa puntong iyon, ang mga natitirang pondo inilaan alinsunod sa seksyong ito ay magagamit ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa mga layunin ng Seksyon 79732 at 79736 ng Kodigo sa Tubig. Kung walang isusumiteng boluntaryong kasunduan bago o sa Hunyo 1, 2018, ang anumang natitirang pondo ay magagamit ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa mga layunin ng Seksyon 79732 at 79736 ng Kodigo sa Tubig. Ang Kalihim ng Ahensya ng Likas na Yaman ay dapat masiguradong may taunang pag-uulat tungkol sa mga pondo alinsunod sa Seksyon 80012.

80115. Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80110, limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat para sa gastos pangkapital sa pagpapaganda nang maharap ang mga nakabinbing pinagpalibang mentina ng Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat. Kapag praktikal, ang Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat ay makikisosyo sa mga organisasyong nonprofit at organisasyong hindi pampamahalaan upang magbigay ng impormasyon tungkol sa paggamit ng mga pondong ito, pagandahin ang karanasan ng bisita, at kapag maaari, gawing mas madalas ang pakikipag-ugnayan sa mga kabataan at kapos-palad na komunidad.

80116. Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80110, isang daan at pitumpung milyong dolyar (\$170,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa mga aktibidad ng pagpapanumbalik na tinukoy sa Yugto I: 10 Taong Plano ng Programa sa Pangangasiwa ng Salton Sea noong Marso 2017, sa pinal na ulat ng plano sa pangangasiwa, at sa anumang kasunod na rebisyon sa planong ito.

KABANATA 9. PAGPROTEKTA SA KARAGATAN, LOOK, AT BAYBAYIN

80120. Ang kabuuang isang daan at pitumpu't limang milyong dolyar (\$175,000,000), sa paglalaan ng Lehislatura, magagamit pangpondo ng mga proyektong magpapabuti at magpoprotekta sa mga yaman sa baybayin at karagatan, ayon sa sumusunod:

(a) Ang kabuuang tatlungpu't limang milyong dolyar (\$35,000,000) magagamit bilang deposito sa Panaligang Pondo para sa Pagprotektang sa Karagatan ng California para sa mga gawad alinsunod sa Seksyon 35650. Bibigyan ng prioridad ang mga proyektong nagpapanatili, nagpoprotekta,

at nagpapanumbalik ng hayop-gubat sa tubig at ng kalusugan ng mga ekosistema sa karagatan at baybayin, nang may pagtuon sa sistema ng mga protektadong katubigan at makakalikasang palaisdaan ng estado.

(b) Ang kabuuang tatlong milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mas murang gawad para sa akomodasyong baybayin at proyektong pagpapaunlad para sa mga pampublikong ahensya at organisasyong nonprofit.

(c) Ang kabuuang walumpu't limang milyong dolyar (\$85,000,000) ang magagamit ng Konserbatoryo ng Baybayin ng Estado para sa pagprotekta ng mga dalampasigan, sabaybayin, look, wetlands, at watershed alinsunod sa Dibisyon 21 (simula sa Seksyon 31000). Sakop nito ang pagbili, o pagtatatag ng mga lugar para sa konserbasyon sa lupaing nasa o malapit sa baybayin ng California na may panlabas na espasyo, panlibangan, biyolohikal, kultural, maganda, o pang-agrikultura, o mga lupaing malapit sa mga protektadong katubigan, kasama na ang mga lugar para sa konserbasyon sa katubigan, na kapag inalagaan ay makakabuti sa kalidad ng kalikasan ng mga protektadong katubigan na iyon. Sakop dito ang pagprotekta sa mga yamang pang-agrikultura sa baybayin alinsunod sa Seksyon 31150 at mga proyekto upang mabuo ang Landas sa Baybayin ng California alinsunod sa Seksyon 31408.

(d) Ang dalawampu't limang porsyento ng halagang inilaan alinsunod sa subdibisyon (c) ang magagamit sa Programa para sa Konserbasyon ng San Francisco Bay Area (Kabanata 4.5 (simula sa Seksyon 31160) ng Dibisyon 21).

(e) Ang kabuuang dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang magagamit ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad at gastos para sa pagprotekta, pagpapanumbalik, at pagpapabuti ng mga watershed ng kagubatan sa baybayin, kasama na ang mga pinangangasiwaang lupain sa kagubatan, nakareserbang lugar sa kagubatan, kagubatan ng redwood, at iba pang uri ng kagubatan. Sakop sa sa mga kwalipikadong uri ng proyekto ang mga proyektong magpapabuti sa kalidad at suplay ng tubig, magpapalaki ng kapasidad ng imbakan ng watershed sa baybayin, magbabawas ng panganib na magkasunog, magbibigay ng lugar na tirahan para sa isda at hayop-gubat, o magpapabuti sa kalusugan ng kagubatan sa baybayin.

(f) Ang kabuuan ng limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang magagamit ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa pagbili ng mga parsela kung saan mapoprotektahan at maipapanumbalik ang dune ng baybayin, wetland, mataas na lugar, at tirahan sa kagubatan na nauugnay sa mga lawa sa estuwaryo at nakatakdang lugar para sa hayop-gubat.

80121. Sa pagpapatupad ng Seksyon 80120, ang nagpapatupad na entidad ay maaaring magbigay ng espesyal na pagsasaalang-alang sa pagkuha ng mga

lupain na nasa loob ng mga lugar na may nakabinbing sertipikasyon sa mga lokal na plano sa baybayin o tumutugma sa mga plano sa konserbasyon ng kalikasan ng komunidad.

KABANATA 10. PAGHAHANDA SA KLIMA, KATATAGAN NG LUGAR NA TIRAHAN, PAGPAPABUTI NG YAMAN, AT INOBASYON

80130. Ang kabuuang apat na raan at apatnapu't tatlong milyong dolyar (\$443,000,000), kapag inilaan ng Lehislatura, ang magagamit bilang mga kompetitibong gawad para sa mga proyektong magpapalano, magpapaunlad, at magpapatupad ng mga proyekto sa kakayahan ng klima na umangkop at makabalik sa dati. Dapat ang mga kwalipikadong proyekto ang magpapabuti sa kakayahan ng isang komunidad na umangkop sa mga hindi maiiwasang epekto ng pagbabago ng klima, pahasayin at protektahan ang mga ekonomiya sa baybayin at bayan, praktikalidad ng agrikultura, mga pasilyo para sa hayop-gubat, o tirahan, bumuo ng mga panghinaharap na oportunidad panlibangan, o pahasayin ang kakayahang labanan ang tagtuyot, kakayahan ng lupain na bumalik sa dati, at pagpapanatili ng tubig.

80131. Sa pagpapatupad ng Seksyon 80130, maaaring magbigay ng espesyal na pagsasaalang-alang sa pagbili ng mga lupain na nasa loob ng mga lugar na may nakabinbing sertipikasyon sa mga lokal na plano sa baybayin.

80132. (a) Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80130, ang labinwalong milyong dolyar (\$18,000,000) ang magagamit ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat para sa mga direktang gastos alinsunod sa Batas sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat ng 1947 (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 1300) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Pangingisda at Pangangaso) at para sa mga gawad para sa alinman sa sumusunod:

(1) Mga proyekto para sa pagbili, pagpapaunlad, rehabilitasyon, pagpapanumbalik, proteksyon, at pagpapalawak ng mga pasilyo at panlabas na espasyo para sa hayop-gubat, sakop na ang mga proyektong magpapabuting koneksyon at mabawasan ang mga balakid sa gitna ng mga I tirahan. Sa pagbibigay ng mga gawad alinsunod sa talatang ito, ang Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat ay magbibigay ng prioridad sa mga proyektong nagpoprotekta sa mga pasilyo para sa hayop-gubat, kabilang na ang mga pasilyo na maaaring maging urbanisado para sa mga hayop-gubat.

(2) Mga proyekto para sa pagbili, pagpapaunlad, rehabilitasyon, pagpapanumbalik, proteksyon, at pagpapalawak ng tirahan na nagsusulong ng pagpapanumbalik ng mga nanganganib at nasa peligrong uri ng hayop.

(3) Mga proyektong magpapahusay ang pag-akma sa klima at kakayahang bumalik sa dati ng mga likas na sistema.

(4) Mga proyekto magpoprotekta at pahasayin ang mga pangkasalukuyang pasilyo sa panlabas na espasyo at pandugtong ng mga landas na nauugnay sa imprastraktura ng utilidad, transportasyon, o tubig na nagdudulot ng pagkakakonekta ng lugar na tirahan at pampublikong pag-abot o mga landas.

(5) Mga proyekto para sa mga pasilidad ng rehabilitasyon ng mga hayop-gubat pagkatapos sumangguni sa Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat.

(6) Mga proyekto upang kontrolin ang mga mapanirang halaman o insekto na may masamang epekto sa mga pasilyo para sa hayop-gubat o pangkonekta ng mga tirahanhan, nakakaapekto sa panunumbalik ng mga nanganganib o napepeligrong uri ng hayop, o nakakabawas sa kakayahan ng isang likas na sistema na makayanan ang klima.

(7) Mga proyekto nagpapabuti sa tirahan ng hayop-gubat, at nakakakilala sa iba't ibang pangangailangan ng tirahan ng mga isda at hayop-gubat. Sakop ng mga kwalipikadong proyekto ang pagbili ng tubig o mga karapatan sa tubig mula sa mga handang magbenta, pagkuha ng lupain na may kaakibat na mga karapatan sa tubig o kontraktuwal na karapatan sa tubig, mga panandalian o pangmatagalang paglilipat at pag-arkila ng tubig, mga proyektong nagbibigay ng tubig para sa mga isda at hayop-gubat, mga proyektong nagpapabuti ng mga kundisyon ng tirahan sa tubig o tabing-ilog, o mga proyektong makakatulong sa salmon at steelhead.

(8) Pagpapatupad ng mga aksyon para sa konserbasyon at aksyon sa pagpapabuti sa tirahan na malaki ang naitutulong sa pagsusulong ng mga layunin sa konserbasyon ng mga panrehiyong diskarte sa pamumuhunan sa konserbasyon na inaprubahan alinsunod sa Kabanata 9 (simula sa Seksyon 1850) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Pangangisda at Pangangaso.

(9) Pagbibigay ng mga oportunidad sa pangangaso at iba pang libangan na nakasalalay sa hayop-gubat sa publiko sa pamamagitan ng boluntaryong kasunduan sa mga pribadong may-ari ng lupain, kasama na ang mga oportunidad alinsunod sa Seksyon 1572 ng Kodigo sa Pangangisda at Pangangaso.

(b) Sa pagpapatupad ng seksyong ito, ang Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat ay maaaring magbigay ng mga katugmang gawad para sa mga insentibo sa mga may-ari ng lupain para sa mga aksyon sa konserbasyon sa mga pribadong lupain o paggamit ng mga boluntaryong mekanismo para sa palitan ng kredito sa lugar na tirahan. Ang isang katugmang gawad ay hindi dapat lumampas sa 50 porsyento ng kabuuang halaga ng gastos sa programang insentibo.

(c) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit para sa pagbili, pagpapaunlad, rehabilitasyon, pagpapanumbalik, proteksyon, at pagpapalawak ng mga pasilyo at

panlabas na espasyo para sa hayop-gubat upang mas mapagkone-konekta ang at mabawasan ang mga balakid sa gitna ng mga lugar na tirahan, at para maprotektahan at maipanumbalik ang lugar na tinitirhan na nauugnay sa Pacific Flyway. Sa pagbibigay ng mga gawad alinsunod sa subdibisyong ito, maaaring bigyan ng prioridad ang mga proyektong nagpoprotekta sa mga pasilyo para sa hayop-gubat. Sa halagang inilalarawan sa subdibisyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit para sa Programa sa Lugar na Tirahan ng mga Ibong Nakakalangoy sa California.

(d) Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80130, hindi bababa sa dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat para sa mga proyekto upang ipanumbalik ang mga ilog at batis bilang suporta sa mga palaisdaan at hayop-gubat, kasama, ngunit hindi limitado sa, muling pagkonekta ng mga ilog sa mga flood plain ng mga ito, mga aktibidad ng pagpapanumbalik ng lugar na tinitirhan sa tabing-ilog at tabi ng bambang na inilalarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 79737 ng Kodigo sa Tubig, at pagpapanumbalik at proteksyon ng matataas na kagubatan sa watershed at sistema ng damuhan na mahalaga para sa mga isda at hayop-gubat. Nalalapat sa subdibisyong ito ang subdibisyon (f) ng Seksyon 79738 ng Kodigo sa Tubig. Sa halagang inilaan alinsunod sa subdibisyong ito, hindi bababa sa limang milyong dolyar (\$5,000,000) ang magagamit para sa mga proyekto ng pagpapanumbalik sa watershed ng Klamath-Trinity para sa salmon at steelhead. Bibigyan ng prioridad ang mga proyektong sinusuportahan ng mga pampubliko o pribadong pagsososyo ng maraming stakeholder, o pareho, gamit ang estratehiyang batay sa agham at mga nasusukat na layunin upang magsilbing gabay para sa pagtukoy, pagdidisenyo, at pagpapatupad ng mga panrehiyong aksyon na makakatulong sa salmon at steelhead.

(e) (1) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, hindi bababa sa animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ang ilalaan sa Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat para sa konstruksyon, pagkukumpuni, pagbabago, o pag-aalis ng imprastraktura ng transportasyon o mapagkukunan ng tubig upang mas madaling makadaan ang mga hayop-gubat o isda.

(2) Sa halagang napapailalim sa talata (1), hindi bababa sa tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat para sa pagpapanumbalik ng lugar na tirahan ng Steelhead sa Timog California alinsunod sa Plano sa pagpapanumbalik at Pangangasiwa ng Steelhead ng Kagawaran ng Isda at hayop-gubat at sa Plano sa Pagpapanumbalik ng Steelhead ng Timog California. Bibigyan ng pinakamataas na prioridad ang mga proyektong nag-aalis ng malalaking balakid sa migrasyon ng steelhead at kinabibilangan ng

iba pang pagpapanumbalik ng lugar na tinitirhan at nauugnay na pagpapabuti sa imprastruktura.

(f) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, hindi bababa sa animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ang magagamit ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat para sa proteksyon, pagpapanumbalik, at pagpapabuti ng matataas na lupain ng watershed sa Bulubundukin ng Sierra Nevada at Cascade, kasama na ang mga lugar na tinitirhan sa lupain ng kagubatan, damuhan, wetland, dawagan, at tabing-ilog, upang maprotektahan at mapabuti ang suplay ng tubig at kalidad ng tubig, mapabuti ang kalusugan ng kagubatan, mabawasan ang panganib na magkasunog sa kagubatan, mabawasan ang mga epekto ng sunog sa kagubatan sa kalidad at suplay ng tubig, madagdagan ang proteksyon laban sa baha, o upang maprotektahan o maipanumbalik ang mga mapagkukunan sa tabing-ilog o tubig.

(g) Sa halagang magagamit alinsunod sa Seksyon 80130, hindi bababa sa tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit sa Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat upang mapabuti ang mga kundisyon para sa mga isda at hayop-gubat sa mga batis, ilog, santuwaryo ng hayop-gubat, lugar ng lugar na tirahan sa wetland, at estuwaryo. Sakop sa mga kwalipikadong proyekto ang pagbili ng tubig mula sa mga handang magbenta, pagkuha ng lupain na may kaakibat na mga karapatan sa tubig o kontraktuwal na karapatan sa tubig, mga panandalian o pangmatagalang pagliipat o pag-arkila ng tubig, pagbibigay ng tubig para sa mga isda at hayop-gubat, o pagpapabuti ng mga kundisyon ng lugar na tirahan sa tubig o tabing-ilog. Sa pagpapatupad ng seksyong ito, ang Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat ay maaaring magbigay ng mga gawad alinsunod sa Programang Gawad sa pagpapanumbalik ng mga Palaisdaan, kung saan binibigyan ng priyoridad ang mga katubigan sa baybayin.

(h) Isasapanahon ng Lupon para sa Konserbasyon ng Hayop-Gubat ang pangunahing plano ng diskarte nito na tumutukoy ng mga priyoridad at partikular na pamantayan para sa pagpili ng mga proyekto alinsunod sa subdibisyon (a).

(i) Ang mga aktibidad na pinondohan alinsunod sa seksyong ito ay dapat tumugma sa pag-akma sa klima ng estado, gaya ng nakasaad sa Seksyon 71153, at sa mga layunin sa buong estado na nakasaad sa Seksyon 71154.

80133. (a) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ang magagamit pang deposito sa Ipinagkatiwalang Pondo para sa Proteksyon ng Karagatan ng California, na itinatag alinsunod sa Seksyon 35650, para sa mga proyektong tumutulong sa mga komunidad sa baybayin, kasama na ang mga komunidad na umaasa sa mga komersyal na palaisdaan, na iniakma sa pagbaabgo ng klima, at para rin sa mga proyektong tumutugon sa asidipikasyon ng karagatan, pagtaas ng antas ng

dagat, o pagpapanumbalik at proteksyon ng lugar ng tirahan, kasama, ngunit hindi limitado sa, proteksyon ng tirahan sa baybayin na nauugnay sa Pacific Flyway.

(b) Ang tatlung limang porsyento ng halagang magagamit alinsunod sa seksyong ito ang magagamit ng Programa para sa Konserbasyon ng San Francisco Bay Area (Kabanata 4.5 (simula sa Seksyon 31160) ng Dibisyon 21).

(c) Ang labindalawang porsyento ng halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito ang magagamit sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado upang pondohan ang isang programa ng konserbasyon sa West Coyote Hills.

(d) Ang natitirang bahagi ng halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito ang magagamit alinsunod sa Seksyon 31113.

80134. (a) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit upang magplano, gumawa, at magpatupad ng mga makabagong gawi at proteksyon sa pangangasiwa ng bukid at rantso na nagpapabuti sa pag-akma at tatag sa klima sa pamamagitan ng pagpapabuti sa kalusugan ng lupa, paghihiwalay ng karbon, at lugar na tirahan ng mga lupain para sa bukid at rantso ng California at mga nauugnay na tirahan, kasama na ang mga lupain para sa pagsasaka, panlabas na espasyo, o mga pasilyo sa tabing-ilog, na nagpapalakas ng pagpapanatili at pagsipsip ng tubig, mga halaga ng tirahan, proteksyon sa mga uri ng hayop, at pang-ekonomiyang praktikalidad upang mabawasan ang problema sa pagpapaunlad.

(b) Sa halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura para sa mga gawad upang magsulong ng mga gawi sa mga bukid at rantso na magpapabuti sa kalusugan ng lupa para sa agrikultura at panlabas na espasyo, paghihiwalay ng lupang may karbon, pagkontrol sa erosyon, kalidad ng tubig, at pagpapanatili ng tubig.

(c) (1) Sa halagang inilaan sa seksyong ito, ang kabuuang dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng Konserbasyon upang maprotektahan, maipanumbalik, o mapabuti ang mga lupain para sa pagsasaka at pasilyo sa tabing-ilog sa pamamagitan ng mga lugar para sa konserbasyon o iba pang aksyon sa konserbasyon, kasama na ang mga aksyong alinsunod sa Seksyon 9084 at sa Programa sa Konserbasyon ng Lupaing Sinasaka sa California (Dibisyon 10.2 (simula sa Seksyon 10200)).

(2) Hanggang limampung porsyento ng mga pondong inilaan alinsunod sa subdibisyong ito ang magagamit ng Kagawaran ng Konserbasyon para sa pagpapanumbalik ng watershed at mga proyekto ng konserbasyon sa mga lupaing pang-agrikultura alinsunod sa Seksyon 9084.

80135. (a) Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang magagamit Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog, maliban na lang alinsunod sa subdibisyon (c), para sa mga proyektong nagsusulong ng pagpapanumbalik ng mga kagubatan. Sakop ng mga proyekto ngunit hindi limitado, sa mga aktibidad para sa pagpapanumbalik ng kagubatan na kinabibilangan ng pagbabawas ng mapanganib na gasolina, rehabilitasyon ng watershed pagkatapos ng sunog, mga ipinapayo o binabantayang pagsunog, pagbili ng mga lugar para sa konserbasyon ng kagubatan o interes sa bayarin, at mga gawi sa pangangasiwa ng kagubatan na nagsusulong ng katatagan ng kagubatan laban sa malubhang sunog, pagbabago ng klima, at iba pang magiging problema. Ang Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog ay dapat magkaroon ng heograpikong balanse pagdating sa mga pondong nakalaan alinsunod sa seksyong ito, at kung naaangkop, isama ang mga aktibidad sa mga lupaing pag-aari ng Estados Unidos.

(b) Hindi bababa sa 30 porsyento ng halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito ang magagamit para sa mga proyekto ng kagubatan sa lungsod alinsunod sa Seksyon 4799.12. Ang Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog ang maglalaan ng hindi bababa sa 50 porsyento ng pondong inilaan alinsunod sa subdibisyong ito para sa pagpapalawak ng programa ng kagubatan sa lungsod sa mga dating kulang sa pasilidad na lokal na entidad upang magkaroon ng heograpikong balanse.

(c) Sa halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito, 50 porsyento ang direktang magagamit ng Konserbansiya ng Sierra Nevada upang mangasiwa ng mga proyekto alinsunod sa seksyong ito para sa pagpapatupad ng Programa sa Pagpapabuti ng Watershed ng Sierra Nevada. Para sa seksyong ito, ang Konserbansiya ng Sierra Nevada ay maaaring maglaan ng mga pondo sa Konserbatansiya ng California Tahoe para sa mga proyektong nasa hurisdiksyon ng Konserbansiya ng California Tahoe.

80136. Sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ang magagamit ng Kuwerpo ng Konserbansiya ng California para sa mga proyekto upang ipanumbalik o pagandahin ang mga lokal at pang-estadong parke, ipanumbalik ang mga watershed at sona sa tabing-ilog, bawasan ang kinokonsumong gasolina sa rehiyon at komunidad, paggamit ng kompost at pangangasiwa sa itinapong pagkain, konserbasyon ng mga mapagkukunan at proyekto ng pagpapanumbalik, at para sa pagkuha, pagpapaunlad, pagpapanumbalik, at rehabilitasyon ng pasilidad o kagamitan. Hindi bababa sa 50 porsyento ng halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito ang ilalaan para sa mga gawad sa mga sertipikadong kuwerpo ng konserbasyon sa lokal na komunidad, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 14507.5.

80137. (a) Mula sa halagang inilaan alinsunod sa Seksyon 80130, animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa mga kompetitibong gawad sa mga lokal na ahensya, organisasyong nonprofit, organisasyon para sa konserbasyon ng lupain na hindi pampamahalaan, mga tribo ng Katutubong Amerikano na kinikilala ng pederal na pamahalaan, o mga tribo ng Katutubong Amerikano ng California na hindi kinikilala ng pederal na pamahalaan na nakalista sa Listahan ng Konsultasyon sa Tribo ng California na pinananatili ng Komisyon sa Pamana ng Katutubong Amerikano, upang gawin ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Magpanumbalik, magprotekta, at kumuha ng mga mapagkukunan hinggil sa Katutubong Amerikano, kalikasan, kultura, at kasaysayan sa loob ng estado.

(2) Gamitin ang mga ari-arian o bahagi ng mga ari-arian dating ginamit bilang lugar ng plantang gumagamit ng petrolyo na isinara sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng dibisyong ito, o nakaiskedyul na ipasara bago sumapit ang Enero 1, 2021, upang gumawa ng mga oportunidad para sa permanente at pinoprotektahang panlabas na espasyo, turismo, at parke sa pamamagitan ng pagbabayad ng titulo o mga lugar para sa konserbasyon.

(3) Pagandahin ang mga karanasan ng bisita sa pamamagitan ng pagpapaunlad, pagpapalawak, at pagpapabuti ng mga sentro ng agham na pinapatakbo ng mga institusyon o iba pang orgaanisasyong nonprofit sa mga ganap na urbanisadong lugar.

(4) Pataasin ang halaga ng mga mapagkukunan sa parke, katubigan, at kalikasan sa pamamagitan ng pinahusay na pamumuhunan sa libangan, turismo, at likas na yaman sa mga bahagi ng estado na hindi pasok sa hurisdiksyon ng isang konserbansiya sa estado.

(5) Isulong, paunlarin, at pahasayin ang alinman sa mga sumusunod:

(A) Mga lugar na pagdarausan para sa komunidad, lipunan, o palakasan.

(B) Mga sentro ng kultura o bisita na kumikilala sa mga kontribusyon ng mga etnikong komunidad ng California o nagsusulong ng mga natatanging tradisyon ng mga komunidad na ito, kasama na ang mga komunidad na may lahing Asyano o Hispaniko.

(C) Mga sentro ng bisita o akwaryong nonprofit na nagtuturo sa publiko tungkol sa mga likas na tanawin, hayop na nakatira sa tubig, o gawi sa migrasyon ng hayop-gubat.

(b) Sa halagang inilaan alinsunod sa seksyong ito, dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang magagamit para sa mga pamumuhunan sa pangkalikasang imprastraktura na mapakikinabangan ng mga kapos-palad o lubos na kapos-palad na komunidad.

KABANATA 11. MALINIS NA INUMING TUBIG AT
PAGHAHANDA SA TAGTUYOT

80140. (a) Dapat ay magamit ang kabuuang dalawang daan at limampung milyong dolyar (\$250,000,000), kapag inilaan ng Lehislatura, para sa mga layuning inilarawan sa Kabanata 5 (na nagsisimula sa Seksyon 79720) ng Dibisyon 26.7 ng Kodigo sa Tubig.

(b) Sa mga pondong alinsunod sa subdibisyon (a), tatlungpum milyong dolyar (\$30,000,000) ang magagamit para sa mga gawad sa mga proyekto ng suplay ng tubig sa rehiyon sa loob ng hydrologic na yunit ng Ilog ng San Joaquin na magbibigay ng iba pang lokal na suplay ng tubig sa pamamagitan ng pagbibigay ng lokal na tubig sa ibabaw ng lupa sa mga komunidad na nakadepende sa kontaminadong tubig sa ilalim ng lupa, magbabawas sa pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa sa munisipyo, at magbibigay ng benepisyo sa mga suplay ng tubig para sa agrikultura at munisipyo.

KABANATA 11.1. KAKAYAHANG PAGPAPANATILI NG
TUBIG SA ILALIM NG LUPA

80141. (a) Ang kabuuang walumpung milyong dolyar (\$80,000,000), kapag inilaan ng Lehislatura, ang magagamit ng lupon ng estado para sa pinagkukumpitensyang gawad para sa mga proyekto para sa mga aktibidad ng paglilinis at pagremedyo na makakapigil o makakabawas sa kontaminasyon ng tubig sa ilalim ng lupa na nagsisilbing pinagmumulan ng inuming tubig.

(b) Gagawing prioridad ang mga proyekto batay sa mga sumusunod na pamantayan:

(1) Ang bantang idudulot ng kontaminasyon ng tubig sa ilalim ng lupa sa pangkalahatang suplay ng inuming tubig ng apektadong komunidad, kasama na ang mahigpit na pangangailangan ng paglilinis sa mga alternatibong suplay o mas maraming pag-angkat ng tubig kung hindi magagamit ang tubig sa ilalim ng lupa dahil sa kontaminasyon. Para sa mga layunin ng talatang ito, kasama sa paglilinis ang tuluy-tuloy na pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga kasalukuyang pasilidad.

(2) Ang posibilidad na kumalat ang kontaminasyon ng tubig sa ilalim ng lupa at makapinsala sa suplay ng inuming tubig at pag-iimbak ng tubig para sa mga lugar ng kalapit na populasyon.

(3) Ang posibilidad na ang proyekto, kung ganap na maipatupad, ang mapapabuti ang maaasahang lokal na suplay ng tubig.

(4) Ang posibilidad ng proyekto na sulitin ang mga pagkakataon na bigyang buhay ang mga madaling mapinsala at madalas gamiting basin ng tubig sa ilalim ng lupa at pakinabangan nang husto ang mga suplay ng tubig sa ilalim ng lupa.

(5) Tinutugunan ng proyekto ang kontaminasyon sa isang lugar kung saan wala pang natutukoy na responsableng partido ang korte o ang naaangkop na nagkokontrol na awtoridad, o kung saan ang mga

tinukoy na responsableng partido ay hindi nakahanda o hindi kayagang magbayad para sa kabuuang gastusin ng paglilinis, kasama na ang pagpapahusay sa pagiging maaasahan ng suplay ng tubig para sa mahahalagang suplay ng tubig sa lungsod sa mga itinalagang lugar na may malaking pondo na may nakalistang kontaminasyon ng tubig sa ilalim ng lupa sa National Priorities List na ginawa alinsunod sa Seksyon 105(a)(8)(B) ng pederal na Batas ng 1980 sa Kumprehensibong Tugon sa Kalikasan, Kabayaran, at Pananagutan (42 U.S.C. Sec. 9605(a)(8)(B)).

(c) Hindi dapat gamitin ang anumang bahagi ng pondong alinsunod sa kabanatang ito sa mga gastos ng remediation na natanggap mula sa mga partidong responsable para sa kontaminasyon ng imbakan ng tubig sa lupa aquifer, ngunit maaaring gamitin upang bayaran ang mga gastos na hindi mababawi sa mga responsableng partido. Ang mga partidong makakatanggap ng pondo para sa remediating ng mga imbakan ng tubig sa lupa aquifer ay dapat magsubok sa makatuwirang paraan na mabawi ang mga gastos sa paglilinis ng tubig sa lupa mula sa mga partidong responsable para sa kontaminasyon. Ang mga pondong nakuha mula sa mga responsableng partido ay maaari lang gamitin upang pondohan ang mga aktibidad ng paglilinis at remediation kasama na ang mga pagpapatakbo at pagmentina.

(d) Sakop ng mga nakakapagparuming sangkap na maaaring harapin gamit ang pondo alinsunod sa kabanatang ito ngunit hindi limitado sa, mga nitrate, perchlorate, MTBE (methyl tertiary butyl ether), arsenic, selenium, hexavalent chromium, mercury, PCE (perchloroethylene), TCE (trichloroethylene), DCE (dichloroethene), DCA (dichloroethane), 1,2,3-TCP (trichloropropane), carbon tetrachloride, 1,4-dioxane, 1,4-dioxacyclohexane, nitrosodimethylamine, bromide, iron, manganese, at uranium.

(e) Ang proyektong makakatanggap ng pondo alinsunod sa kabanatang ito ay dapat piliin sa pamamagitan ng isang proseso ng pinagkukumpitensyang gawad at dagdag na isasaalang-alang ang mga proyektong gagamit din ng pribado, pederal, o lokal na pondo.

(f) Para sa mga layunin ng paggawad ng pondo sa ilalim ng kabanatang ito, kailangang mag-atas ng lokal na gastos na hindi bababa sa 50 porsiyentong bahagi ng kabuuang gastos ng proyekto. Maaaring alisin o bawasan ang kinakailangang bahagi sa gastos para sa mga proyektong direktang maghahatid ng benepisyo sa isang komunidad na kulang sa badyet o lugar na hindi maganda ang ekonomiya.

(g) Maaaring tasahin ng lupon ng estado ang kapasidad ng isang komunidad na magbayad para sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng isang pasilidad na popondohan ng isang gawad na ibinigay sa ilalim ng kabanatang ito.

(h) Hindi dapat bababa sa 10 porsiyento ng mga magagamit na pondo alinsunod sa kabanatang ito ang magagamit sa mga proyektong magsisilbi

sa mga komunidad na nakakaranas ng malaking kakulangan sa badyet.

(i) Maaring sakop ng pondong alinsunod sa kabanatang ito ang pondo para sa teknikal na tulong sa mga komunidad na kulang sa badyet. Ang ahensyang nangangasiwa sa pondong ito ay dapat magpatupad ng programa ng teknikal na tulong sa maraming disiplina para sa mga komunidad na malilit at kulang sa badyet.

(j) Ang mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi nalalapat sa kabanatang ito.

KABANATA 11.5. PROTEKSIYON SA BAHA AT PAGKUKUMPUNI

80145. (a) Ang kabuuang limang daan at limampung milyong dolyar (\$550,000,000), kapag iniilaan ng Lehislatura, ang magagamit para sa proteksiyon sa baha at pagkukumpuni.

(1) (A) Sa mga pondong magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, tatlong daan at limampung milyong dolyar (\$350,000,000) ang magagamit ng Kagawaran ng mga Tubig Yaman para sa mga pasilidad ng proteksiyon sa baha, pagpapahusay ng dike, at nauugnay na pamumuhunan na magpoprotekta sa mga tao at ari-arian mula sa pinsala ng baha sa Central Valley. Maaaring iatas ng Kagawaran ng Tubig Yaman na ang mga perang inilaan alinsunod sa talatang ito ay tutumbasan ng mga lokal at panrehiyong pampublikong ahensya.

(B) Sa halagang napapailalim sa talatang ito, limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang magagamit para sa mga pagkukumpuni at pagpapanumbalik ng dike sa loob ng Delta ng Sacramento-San Joaquin.

(C) Sa halagang alinsunod sa talatang ito, tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) ang magagamit para sa mga proyektong maraming benepisyong kung saan makakamit ang mas mahigpit na kaligtasan ng publiko at nasusukat ang pagpapahusay sa lagay ng isda at hayop-gubat. Dapat iugnay ng Kagawaran ng mga Tagapagdulot ng Tubig ang paggastos ng mga pondo na may maraming benepisyong sa Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley at ng Kagawaran ng Isda at hayop-gubat. Kabilang sa mga kwalipikadong proyekto ngunit hindi limitado sa, mga pader ng dike, paggawa o pagpapahusay ng mga kapatagang dinadaluyan ng baha o bypass, proyekto ng pagbabalik ng sustansya sa tubig sa ilalim ng lupa sa mga kapatagang dinadaluyan ng baha, at pagbili ng lupa at pagpapaluwag na kinakailangan para sa mga proyektong ito.

(2) Sa mga pondong magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, dapat ay magagamit ang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) para sa mga layunin ng proteksiyon mula sa tubig-ulan, pagragasa ng putik, at iba pang nauugnay na proteksiyon mula sa baha.

(3) Sa halagang ginawang magagamit alinsunod sa subdibisyong ito, isang daang milyong

dolyar (\$100,000,000) ang magagamit ng Ahensya ng Mga Likas na Yaman para sa mga pinagkukumpitensyahang gawad para sa mga layunin ng mga proyektong may maraming benepisyong sa mga lugar sa lungsod upang matugunan ang pagbabaha. Kasama dapat sa mga kwalipikadong proyekto ngunit hindi limitado sa, pansalo at muling paggamit ng tubig-ulan, pagpapalano at pagpapatupad ng disenyo ng gusali na mahusay na pinapamahalaan ang tubig-ulan, pagpapanumbalik ng mga batis at himpilan ng tubig sa lungsod, at pagpaparami ng mga malalagusang surface upang makatulong na mabawasan ang pagbabaha.

(4) Dapat suportahan ng pondong alinsunod sa mga talata (2) at (3) ang mga proyektong nagpoprotekta sa mga tao at ari-arian mula sa pinsala ng baha. Maliban kung natukoy na ang proyekto ay nagsisilbi sa komunidad na kulang sa badyet, ang isang entidad na makakatanggap ng paggawad alinsunod sa mga talata (2) o (3) ay dapat atasang magbigay ng katumbas na 25 porsyento bilang lokal na bahagi.

(b) Ang mga pondong alinsunod sa kabanatang ito ay hindi dapat gastusin pangbayad ng mga gastos sa disenyo, konstruksiyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad ng transportasyon sa Delta. Ang mga gastos na iyon ay sagot ng mga ahensya ng tubig na makikibanang sa disenyo, konstruksiyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad na iyon.

KABANATA 11.6. KAKAYAHANG MASUSTENAHAN ANG REHIYON PARA SA TAGTUYOT AT TUBIG SA ILALIM NG LUPA, AT MULING PAGGAMIT NG TUBIG

80146. (a) Ang kabuuang dalawang daan at siyamnapung milyong dolyar (\$290,000,000), kapag iniilaan ng Lehislatura, ang magagamit para sa mga pamumuhunan na nauugnay sa tagtuyot at tubig sa ilalim ng lupa upang makamit ang kakayahang masustenahan ang rehiyon. Ang paggastos sa mga pondong ito ay maaaring kinabibilangan ng mga proyektong sa pagpapalano, disenyo, at pagpapatupad sa pamamagitan ng mga pinagkukumpitensyahang gawad at pagpapautang para sa mga pamumuhunan sa pagpapanumbalik ng tubig sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng tubig sa ibabaw ng lupa, tubig-ulan, tubig na muling ginamit, at iba pang proyektong ng pinagsamang paggamit, at mga proyektong upang pigilan o linisin ang kontaminasyon ng tubig sa ilalim ng lupa na nagsisilbing pinagmumulan ng inuming tubig.

(b) Sa mga pondong alinsunod sa seksyong ito limampung milyong dolyar (\$50,000,000) alinsunod sa Kabanata 10 (na nagsisimula sa Seksyon 79770) ng Dibisyon 26.7 ng Kodigo sa Tubig para sa mga layuning inilarawan sa Seksyon 79775 ng Kodigo sa Tubig.

80147. (a) Ang kabuuang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000), kapag iniilaan ng Lehislatura, alinsunod sa Kabanata 9 (na nagsisimula sa

Seksyon 79765) ng Dibisyon 26.7 ng Kodigo sa Tubig, ngunit hindi ilalapat ang mga probisyon ng Seksyon 79143 ng Kodigo sa Tubig sa isang utang o gawad na ibinigay sa ilalim ng seksyong ito.

(b) Sa mga pondong alinsunod sa seksyong ito, dapat ay magamit ang hanggang dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ng Programa ng Pagtitipid at Paglilinis ng Tubig ng Estado na pinapamahalaan ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura.

KABANATA 12. PAUNANG PAGBABAYAD PARA SA MGA PROYEKTO NG TUBIG

80150. (a) Sa loob ng 90 araw ng pag-abiso na naibigay na ang isang gawad sa ilalim ng dibisyong ito para sa mga proyektong kasama at ipinatupad sa isang pinagsamang plano ng pamamahala ng tubig sa rehiyon, dapat ibigay ng pangkat ng pamamahala ng tubig sa rehiyon sa namamahalang ahensya ang isang listahan ng mga proyektong popondohan gamit ang mga pondo ng gawad kung saan ang tagapagtaguyod ng proyekto ay isang di-nagtutubong organisasyon o isang komunidad na kulang sa badyet, o ang proyekto ay magbibigay ng benepisyo sa isang komunidad na kulang sa badyet. Ang listahan kung paano tumutugon ang mga proyekto sa pinagtibay na pinagsamang plano ng pamamahala ng tubig sa rehiyon at dapat itong maglaman ng lahat ng sumusunod na impormasyon:

(1) Impormasyong naglalarawan sa bawat tinukoy na proyekto.

(2) Ang mga pangalan ng mga entidad na tatanggap ng pondo para sa bawat proyekto, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagkilala kung ang tagapagtaguyod o mga tagapagtaguyod ng proyekto ay mga di-nagtutubong organisasyon o isang komunidad na kulang sa badyet.

(3) Ang badyet ng bawat proyekto.

(4) Ang inaasahang iskedyul para sa bawat proyekto.

(b) Sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang impormasyon ng proyekto alinsunod sa subdibisyon (a), ang namamahalang ahensya ay maaaring magbigay ng paunang pagbabayad na 50 porsyento ng gawad para sa mga proyektong tumutugon sa dalawang sumusunod na pamantayan:

(1) Ang tagapagtaguyod ng proyekto ay isang organisasyong nonprofit o isang komunidad na kulang sa badyet, o ang proyekto ay magbibigay ng mga benepisyo sa isang komunidad na kulang sa badyet.

(2) Ang gawad para sa proyekto ay wala pang isang milyong dolyar (\$1,000,000).

(c) Ang mga pondong paunang ibinigay alinsunod sa subdibisyon (b) ay dapat sumunod sa mga sumusunod na kinakailangan:

(1) Ang mga pondo ay dapat ilagay ng tagatanggap sa isang account na hindi kumikita ng interes hanggang sa gastusin ito.

(2) Dapat gastusin ang mga pondo sa loob ng anim na buwan mula petsa ng pagtanggap, maliban kung alisin ng namamahalang ahensya ang atas ito.

(3) Ang tagatanggap ay dapat magbigay, bawat tatlong buwan, ng ulat sa pananagutan sa namamahalang ahensya tungkol sa paggastos at paggamit ng anumang paunang pondo ng gawad na nagbibigay man lang ng sumusunod na impormasyon:

(A) Isang listahan kung paano ginastos ang mga pondo ng paunang pagbabayad na ibinigay sa ilalim ng seksyong ito.

(B) Isang listahan ng proyekto kung paano gagastusin ang anumang natirang pondo ng paunang pagbabayad na ibinigay sa ilalim ng seksyong ito sa loob ng panahon na tinukoy sa talata (2).

(C) Isang paglalarawan kung inilagay ang mga pondo sa isang account na hindi kumikita ng interes, at kung gayon, ang petsa ng pangyayari at ang mga petsa ng pag-withdraw ng mga pondo mula sa account na iyon, kung naaangkop.

(4) Kung hindi ginastos ang mga pondo, ang hindi nagamit na bahagi ng gawad ay dapat ibalik sa namamahalang ahensya sa loob ng 60 araw pagkatapos makumpleto ang proyekto o sa pagtatapos ng panahon ng pagganap ng gawad, alinman ang mas mauna.

(5) Maaaring may mga pagtibaying karagdagang kinakailangan ng namamahalang ahensya para sa tagatanggap tungkol sa paggamit ng paunang pagbabayad upang matiyak na gamitin nang maayos ang mga pondo.

KABANATA 13. MGA PROBISYON SA PANANALAPI

80160. (a) Ang mga bono na nasa kabuuang halaga na apat na bilyong dolyar (\$4,000,000,000), at anumang karagdagang bono na pinahintulutan, inilabas, at inilaan alinsunod sa dibisyong ito alinsunod sa iba pang mga probisyon ng batas, hindi kasama ang halaga ng anumang ibinabalik na bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 80172, ay maaaring ilabas at ibenta upang makapagbigay ng pondong magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa dibisyong ito at mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Bonong may Pangkalahatang Obligasyon alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Kapag naibenta, nailabas, at naihatid na ang mga bono, mapapailalim ang Estado ng California sa isang may-bisang obligasyon at sa pamamagitan nito, nangangako ang Estado ng California, nang may buong pagtitiwala at pagkilala sa mga batas ng ibang estado, na babayaran nito ang prinsipal at interes ng mga bono sa nakatakdang

oras kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Dapat ibenta ng Ingat-yaman ang mga bonong pinapahintulutan ng komite alinsunod sa seksyong ito. Dapat ibenta ang mga bono batay sa mga tuntunin at kundisyong tinukoy sa isang resolusyon na papagtibayin ng komite alinsunod sa Seksyon 16731 ng Kodigo ng Pamahalaan.

80161. Ang mga bonong pinahihintulutan ng dibisyong ito ay dapat ihanda, pagtibayin, ibigay, ibenta, bayaran at tubusin alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), na pana-panahong aamyendahan, at ang lahat ng probisyon ng batas na iyon ay nalalapat sa mga bono at sa dibisyong ito.

80162. (a) Para lang sa layunin ng pagpapahintulot sa paglalabas at pagbebenta, alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ng mga bonong pinapahintulutan ng dibisyong ito, sa pamamagitan nito ay ginagawa ang Komite ng Pananalapi ng California para sa Tagtuyot, Tubig, Mga Parke, Klima, Proteksiyon ng Baybay-dagat, at Pag-Abot sa Labas para sa Lahat. Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang Komite ng Pananalapi ng California para sa Tagtuyot, Tubig, Mga Parke, Klima, Proteksiyon ng Baybay-dagat, at Pag-Abot sa Labas para sa Lahat ay tatawaging “komite” ayon sa paggamit sa terminong iyon sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.

(b) Ang komite ay binubuo ng Direktor ng Pananalapi, ng Ingat-yaman, at ng Kontroler. Sa kabila ng anumang iba pang batas, ang sinumang miyembro ay maaaring magtalaga ng kinatawan na kikilos bilang miyembrong iyon sa kanyang lugar para sa lahat ng layunin, na parang personal na naroon ang miyembro.

(c) Ang Ingat-yaman ang magsisilbing tagapangulo ng komite.

(d) Maaaring kumilos para sa komite ang mayoriya ng komite.

80163. Dapat itakda ng komite kung kinakailangan o tama bang magpalabas ng mga bonong pinahintulutan alinsunod sa dibisyong ito upang maisakatuparan ang mga pagkilos na tinukoy sa dibisyong ito, at kung ganoon nga, kung magkano ang mga bonong dapat ilabas at ibenta. Maaaring pahintulutan at ibenta ang mga sunud-sunod na paglalabas ng bono upang regular na maisakatuparan ang mga pagkilos na iyon, at hindi kinakailangang minsanang ibenta ang lahat ng bonong pinahintulutang ilabas.

80164. Para sa mga layunin ng Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang “lupon,” gaya ng

pagpapakahulugan sa Seksyon 16722 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay nangangahulugang ang Kalihim ng Ahensya ng mga Likas na Yaman.

80165. Bawat taon, bukod pa sa mga ordinaryong kita ng estado, dapat ay may mangolekta ng isang halagang katumbas ng iniaatas na halaga upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bono kada taon, sa paraan at panahon kung kailan kinokolekta ang iba pang kita ng estado. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang pagkilos upang masingil ang nabanggit na karagdagang halaga.

80166. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, may inilalang halaga mula sa Pangkalahatang Pondo ng Tesoreriya ng Estado, para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang halagang katumbas ng kabuuan ng sumusunod:

(a) Ang kinakailangang halaga taun-taon upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito, kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Ang kinakailangang kabuuan upang maisakatuparan ang mga probisyon ng Seksyon 80169, na inilaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

80167. Maaaring hilingin ng lupon sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang sa Account ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, na kabilang ang iba pang pinahihintulutang uri ng pansamantalang pagtustos na kabilang, ngunit hindi limitado sa, pangkomersiyong papel, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para maisakatuparan ang layunin ng dibisyong ito. Hindi dapat lumampas ang halaga ng kahilingan sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite, sa pamamagitan ng isang resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan sa dibisyong ito, hindi kasama ang mga ibinabalik na bonong pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 80172, na babawasan ng anumang halagang inutang at hindi pa nababayaran alinsunod sa seksyong ito at nakuha na mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 80169 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat pagtibayin ng lupon ang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang mga utanging halaga ay dapat ideposito sa pondo, upang mailaan alinsunod sa dibisyong ito.

80168. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng dibisyong ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung magbebenta ang Ingat-yaman ng mga bono na may opinyon ng konseho ng bono na ibukod ang interes ng mga bono

sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa ilalim ng mga itinalagang kundisyon o kaya naman ay may karapatan sa anumang benepisyo sa pederal na buwis, maaaring gumawa ang Ingat-yaman ng magkakahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom na bono at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nalikom na iyon, at maaaring gamitin o pamahalaan ang paggamit sa mga nalikom o kitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa o iba pang bayaring iniaatas sa ilalim ng pederal na batas, o magsagawa ng iba pang pagkilos na nauugnay sa pamumuhunan at paggamit sa mga nalikom na bonong iyon, na maaaring iniaatas o hinihingi sa ilalim ng pederal na batas upang patuloy na hindi patawan ng buwis ang mga bonong iyon at upang makakuha ng anumang iba pang benepisyo sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

80169. Para sa mga layuning pinasasakatuparan sa dibisyong ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha sa Pangkalahatang Pondo ng halaga o mga halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite na ibenta para sa layunin na pinasasakatuparan sa dibisyong ito, hindi kasama ang mga ibinalik na bonong pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 80172, na babawasan ng anumang halagang inutang alinsunod sa Seksyon 80167 at hindi pa nababayaran at anumang halagang nakuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Ang anumang nakuhang halaga ay dapat ideposito sa pondo, upang mailaan alinsunod sa dibisyong ito. Ang anumang ilalabas na pera alinsunod sa seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, nang may kasamang halagang katumbas ng interes na kinita ng pera kung inilagay ito sa Account ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin na pinasasakatuparan sa dibisyong ito.

80170. Ang lahat ng perang nakadeposito sa pondo na galing sa hulog at naipong interes ng mga naibentang bono alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ireserba sa pondo at dapat magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban na lang kung ang mga halagang galing sa hulog ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

80171. Alinsunod sa Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang gastos sa paglalabas ng bono ay dapat bayaran o ibalik mula sa mga nalikom na bono, kasama na ang mga hulog, kung mayroon man. Hanggang sa sukdulang ang gastos sa paglalabas ng bono ay hindi binayaran mula sa

mga natanggap na hulog mula sa pagbebenta ng mga bono, dapat ilaan ang mga gastos na ito nang tumutugma sa bawat programang popondohan sa pamamagitan ng dibisyong ito sa pamamagitan ng naaangkop na pagbebenta ng bono.

80172. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-apruba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa dibisyong ito ang pagpayag sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang ibalik ang anumang mga bonong orihinal na inilabas alinsunod sa dibisyong ito, o anumang mga ibinabalik na bono na dati nang inilabas. Ang anumang ibabalik na bono gamit ang mga nalikom ng mga ibinabalik na bonong pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng batas sa paraan at sa hangganang itinakda sa resolusyon, na pana-panahong inaamyendahan, na nagpapahintulot sa ibinalik na bono na iyon.

80173. Hindi “mga nalikom ng mga buwis” ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong pinahintulutan ng dibisyong ito, gaya ng pagkakagamit sa terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, at hindi napapailalim ang pagbabayad sa mga nalikom na ito sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

SEK. 4. Idinagdag ang Seksyon 79772.5 sa Kodigo sa Tubig, na mababasa:

79772.5. Sa kabila ng anumang iba pang batas, muling inilalaan ang walumpung milyong dolyar (\$80,000,000) ng mga hindi nailabas na bono na pinahintulutan para sa mga layunin ng Seksyon 79772 upang pondohan ang mga layunin at ilabas, at ilaan alinsunod sa, Dibisyong 45 (na nagsisimula sa Seksyon 80000) ng Kodigo sa Mga Pampublikong Tagapagdulot.

PROPOSISYON 69

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Saligang-batas ng Asembleya Susog 5 ng 2017–2018 Regular na Sesyon (Kabanata 30 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2017) ay hayagang inaamyendahan ang Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pag-amyenda sa isang seksyon nito, at pagdagdag ng artikulo at seksyon doon; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print nang *naka-italic* upang ipahiwatig na bago ang mga ito.

MGA IMINUMUNGKAHING SUSOG SA MGA ARTIKULO XIII B, XIX A, AT XIX D

Una—Idinagdag ang Seksyon 15 na iyon sa Artikulo XIII B nito, na sinasaad:

SEK. 15. Hindi dapat kabilang sa “Mga paglalaan na napapailalim sa limitasyon” ng bawat entidad ng pamahalaan ay hindi dapat kinabibilangan ng mga paglalaan ng mga kita mula sa Account ng Pagpapanatili at Rehabilitasyon ng Kalsada na ginawa ng Batas ng 2017 sa Pagkukumpuni ng Kalsada at Pananagutan, o anumang iba pang kitang idineposito sa anumang iba pang pondo alinsunod sa batas. Walang pagbabago sa limitasyon ng anumang entidad na maglaan alinsunod sa Seksyon 3 bilang resulta ng pagdeposito ng mga kita o paglalaan mula sa Account ng Pagpapanatili at Rehabilitasyon ng Kalsada na ginawa ng Batas ng 2017 sa Pagkukumpuni ng Kalsada at Pananagutan, o anumang iba pang account alinsunod sa batas.

Pangalawa—Inamyendahan ang Seksyon 1 na iyon ng Artikulo XIX A nito na sinasaad:

SEKSYON 1. (a) Ang Lehislatura ay hindi dapat manghiram ng mga kita mula sa Account ng Pampublikong Transportasyon, o anumang kapalit na account, at hindi dapat gamitin ang mga kitang ito para sa mga layunin, o sa mga paraan, maliban sa partikular na pinapahintulutan ng artikulong ito.

(b) Ang Account ng Pampublikong Transportasyon sa Pondo ng Transportasyon ng Estado, o anumang kapalit na account, ay isang trust fund. Hindi maaaring baguhin ng Lehislatura ang katayuan ng Account ng Pampublikong Transportasyon bilang trust fund. Ang mga pondo sa Account ng Pampublikong Transportasyon ay hindi maaaring utangin o kaya ay ilipat sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo o account sa Tesorerya ng Estado.

(c) Ang lahat ng kitang tinukoy sa mga talata (1) hanggang (3), ng subdibisyon (a) ng Seksyon 7102 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, tulad ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hunyo 1, 2001, ay dapat ideposito nang hindi bababa sa kada tatlong buwan sa Account ng Pampublikong

Transportasyon (Seksyon 99310 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad), o sa kapalit nito. Hindi maaaring magsagawa ng anumang pagkilos ang Lehislatura na pansamantala o permanenteng maglilihis o maglalaan sa mga kitang ito para sa mga layunin maliban sa mga inilarawan sa subdibisyon (d), o mag-aantala, magpapaliban, magsusupinde, o kaya naman ay makakaabala sa pagdeposito ng mga pondong ito sa Account ng Pampublikong Transportasyon bawat tatlong buwan.

(d) Ang mga pondo sa Account ng Pampublikong Transportasyon ay maaari lang gamitin para sa pagpapalano ng transportasyon at mga layunin ng pangmaramihang transportasyon. Sa pamamagitan nito, patuloy na inilalaan ang mga kitang inilalarawan sa subdibisyon (c) sa Kontroler nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa paglalaan ayon sa mga sumusunod:

(1) Limampungang porsyento alinsunod sa mga subdibisyon (a) hanggang (f), inklusibo, ng Seksyon 99315 ng Kodigo sa Mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(2) Dalawampu't limang porsyento alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 99312 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(3) Dalawampu't limang porsyento alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 99312 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(e) Para sa mga layunin ng talata (1) ng subdibisyon (d), ang “pagpapalano ng transportasyon” ay tumutukoy lang sa mga layuning inilarawan sa mga subdibisyon (c) hanggang (f), sakop na ang Seksyon 99315 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(f) Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang “transportasyong pangmaramihan,” “sasakyang pampubliko,” at “sasakyang pangmaramihan” ay may iisang kahulugan na “pampublikong transportasyon.” Ang “pampublikong transportasyon” ay tumutukoy sa:

(1) (A) Serbisyo ng transportasyon sa lupa na ibinibigay sa pangkalahatang publiko, libreng serbisyo ng transportasyon para sa may kapansanan na ibinibigay sa mga taong may mga kapansanan ayon sa inaatas ng 42 U.S.C. 12143, o katulad na transportasyon na ibinibigay sa mga taong may mga kapansanan o sa nakatatanda; (B) pinapatakbo sa pamamagitan ng bus, tren, ferry, o iba pang paraan ng transportasyon sa isang pirming ruta, bilang tugon sa pangangailangan, o kaya naman ay regular na magagamit; (C) pangkalahatang may sinisingil na pamasaha; at (D) ibinibigay ng anumang sasakyan ng distrito, kasama na ang sasakyan ng distrito, opereytor ng munisipyo, kasama na ang opereytor ng

munisipyo, kwalipikadong opereytor ng munisipyo, o lupon ng pagpapaganda ng sasakyan, ayon sa pagpapakahulugan sa mga terminong iyon sa Artikulo 1 ng Kabanata 4 ng Bahagi 11 ng Dibisyon 10 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad noong Enero 1, 2009, na isang pinagsamang awtoridad sa kapangyarihan na binuo upang magbigay ng mga serbisyo ng transportasyong pangmaramihan, isang ahensyang inilarawan sa subdibisyon (f) ng Seksyon 15975 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Enero 1, 2009, alinmang tagatanggap ng mga pondo sa ilalim ng Seksyon 99260, 99260.7, 99275, o subdibisyon (c) ng Seksyon 99400 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Enero 1, 2009, o isang pinag-isang ahensya gaya ng pagpapakahulugan sa Seksyon 132353.1 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Enero 1, 2009.

(2) Serbisyo ng transportasyon sa lupa na ibinibigay ng Kagawaran ng Transportasyon alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 99315 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(3) Mga proyekto ng pagpapahusay sa kapital ng sasakyang pampubliko, kasama na ang mga tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksyon 99315 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong Hulyo 30, 2009.

(g) *Ang lahat ng kita na tinukoy sa Seksyon 6051.8 at 6201.8 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, gaya ng pagkakasulat sa mga seksyong iyon noong Enero 1, 2018, ay dapat ideposito nang hindi bababa sa kada tatlong buwan sa Account ng Pampublikong Transportasyon, o sa kapalit nito. Maliban kung binanggit sa Seksyon 16310 at 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng pagkakasulat sa mga seksyong iyon noong Enero 1, 2018, hindi maaaring magsagawa ng anumang pagkilos ang Lehislatura na pansamantala o permanenteng maglilihis o maglalaan sa mga kitang ito para sa mga layunin maliban sa mga inilarawan sa subdibisyon (d), o mag-aantala, magpapaliban, magsusupinde, o kaya naman ay makakaabala sa pagdeposito ng mga kitang ito sa Account ng Pampublikong Transportasyon bawat tatlong buwan.*

Pangatlo—Ang Artikulong XIXD na iyon ay idinagdag dito, upang mabasang:

**ARTIKULO XIXD MGA KITA SA BAYAD SA
LISENSYA NG SASAKYAN PARA SA MGA
LAYUNIN NG TRANSPORTASYON**

SEKSYON 1. (a) *Sa kabila ng Seksyon 8 ng Artikulo XIX, ang mga kinita mula sa mga bayarin sa sasakyan na ipinataw sa ilalim ng Batas sa Bayad sa Licensya ng Sasakyan alinsunod sa Kabanata 6 (na nagsisimula sa Seksyon 11050) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at*

Pagbubuwis, o kapalit nito, na lampas at higit sa mga gastos sa pagkolekta at anumang mga refund na pinahintulutan ng batas, ay dapat lang gamitin para sa mga layunin ng transportasyon, gaya ng tinukoy sa Seksyon 11050 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, gaya ng pagkakasulat sa seksyong iyon noong ipinatupad ang Batas ng 2017 sa Pagkukumpuni ng Kalsada at Pananagutan.

(b) *Ang mga kitang inilarawan sa subdibisyon (a) ay hindi dapat gamitin para sa pagbabayad ng prinsipal at interes sa mga pangkalahatang obligasyong bono ng transportasyon ng estado na pinahintulutan ng mga botante noong o bago ang Nobyembre 8, 2016, at hindi rin dapat gamitin ang mga kitang iyon para sa pagbabayad sa prinsipal at interes sa mga batas sa pangkalahatang obligasyong bono ng transportasyon ng estado na inaprubahan ng mga botante pagkatapos ng petsang iyon, maliban kung hayagang pinapahintulutan ng batas sa bono ang paggamit na iyon.*

(c) *Maliban sa nakasaad sa Seksyon 16310 at 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng pagkakasulat sa mga seksyong iyon noong Enero 1, 2018, hindi dapat hiramin ng Lehislatura ang mga kitang inilarawan sa subdibisyon (a), at hindi dapat gamitin ang mga kitang ito para sa mga layunin, o sa mga paraan, maliban sa pinapahintulutan sa mga subdibisyon (a) o (b).*

PROPOSISYON 70

Ang amyendang ito na iminumungkahi ng Saligang-batas ng Asembleya Amyenda 1 ng 2017–2018 Regular na Sesyon (Kabanata 105 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2017) ay hayagang inaamyendahan ang Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng seksyon doon; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print nang *naka-italic* upang ipahiwatig na bago ang mga ito.

IMINUNGKAHING PAGBABAGO SA ARTIKULO XX

Idinagdag ang Seksyon 24 na iyon sa Artikulo XX nito, at babasang:

SEK. 24. (a) *Ang Reserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas bilang isang espesyal na pondo sa Tesorerya ng Estado.*

(b) *Sa loob ng yugto ng panahong tinukoy sa subdibisyon (d) tanging ang lahat ng perang nakolekta ng Lupon ng Tagapagdulot ng Hangin ng Estado mula sa pag-auction o pagbebenta ng mga panustos alinsunod sa isang paraan ng pagsunod na batay sa merkado na itinatag alinsunod sa Batas ng 2006 sa Mga Solusyon sa Pag-init ng Daigdig sa California (Dibisyon 25.5 (na nagsisimula sa Seksyon 38500) ng Kodigo sa Kalusugan at*

Kaligtasan) ang dapat ideposito sa Reserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas.

(c) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng Saligang-batas na ito, dapat ay magamit ang mga pera sa Reserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas pagkatapos ilaan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagbotong rollcall na inilagay sa talaan, kung saan sumang-ayon ang dalawang-katlo ng miyembro ng bawat kapulungan, para sa mga parehong layunin na naaangkop sa Enero 1, 2024, sa Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas, na ginawa alinsunod sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(d) Dapat ilapat ang subdibisyon (b) simula sa Enero 1, 2024, at hanggang sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabatas na naglalaman ng paglalaan mula sa Reserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas. Pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas na iyon, ang lahat ng perang nakolekta alinsunod sa isang paraan ng pagsunod na batay sa merkado ay dapat ideposito sa Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas, na ginawa alinsunod sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(e) Hindi dapat ilapat ang Seksyon 6377.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis sa mga pagbebang mangyayari habang dinedeposito ang mga perang tinukoy sa subdibisyon (b) sa Reserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas, ngunit dapat itong magpatuloy sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas na tinukoy sa subdibisyon (d).

PROPOSISYON 71

Ang susog na ito na iminumukahi ng Saligang-batas ng Asembleya Susog 17 ng 2017–2018 Regular na Sesyon (Kabanata 190 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2017) ay hayagang inaamyendahan ang Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pag-amyenda sa mga seksyon nito; samakatuwid, ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing tanggalin ay naka-print nang ~~naka-strikeout~~ at ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay naka-print nang *naka-italic* upang ipahiwatig na bago ang mga ito.

MGA IMINUNGKAHING AMYENDA SA SEKSYON 10 NG ARTIKULO II AT SEKSYON 4 NG ARTIKULO XVIII

Una—Inaamyendahan ang Seksyon 10 na iyon ng Artikulo II nito na isinasaad:

SEK. 10. (a) Ang inisyatibang batas o reperendum na inaprubahan ng mayoriya ng mga botong *ipinatala* doon ay magkakaroon ng bisa sa *ikalimang* araw pagkatapos ng ~~halalan maliban kung iba ang itinakda sa panukala.~~ *Ihahain ng Kalihim ng Estado ang pahayag ng boto para sa halalan kung saan*

pagbobotohan ang panukala, ngunit maaaring itakda ng panukala na ipapatupad ito pagkalipas ng petsa ng pagkakaroon ng bisa nito. Kung naghain ng petisyon sa reperendum laban sa isang bahagi ng isang ~~batas~~ *batas*, hindi dapat ipagpaliban ang pagpapatupad sa natitirang bahagi *ng batas*.

(b) Kung salungat ang mga probisyon ng ~~2~~ *dalawa* o higit pang panukala na inaprubahan sa iisang halalan, ~~dapat sundin ang mga probisyon~~ ng panukalang makakatanggap ng pinakamataas na *bilang ng sumasang-ayong boto-mga boto*.

(c) Maaaring amyendahan o ipawalang-bisa ng Lehislatura ang mga batas ng ~~isang~~ reperendum. ~~Ang batas na ito. Maaaring amyendahan o ipawalang-bisa ng Lehislatura~~ ang isang inisyatibang batas ng isa pang batas na magkakaroon lang ng bisa kapag inaprubahan ng mga manghahalal maliban kung pinapahintulutan ng inisyatibang batas ang pag-amyenda o pagpapawalang-bisa nang walang ~~pag-aruba~~ *ng kanilang mga manghahalal*.

(d) ~~Bago ang Bago~~ sirkulasyon ng isang inisyatiba o petisyon sa reperendum para sa mga pirma, dapat magsumite ng kopya sa Pangkalahatang Abugado na siyang maghahanda ng titulo at buod ng panukala ayon sa iminumungkahi ng batas.

(e) Ang Lehislatura ang dapat *na* magtakda ng paraan kung paano ang ~~mga petisyon~~ *isang petisyon* ay dapat ipaikot, ipresenta, at sertipikahan, at ~~sinusukat ang paraan kung paano dapat isumite ang isang panukala~~ sa mga manghahalal.

Pangalawa—Inaamyendahan ang Seksyon 4 na iyon ng Artikulo XVIII nito upang mabasang:

SEK. 4. Dapat magsumite ng iminumungkahing susog o rebisyon sa mga manghahalal ~~at~~ *at*, kung inaprubahan ng mayoriya ng mga boto ~~roon~~ *na ipinatala roon*, magkakaroon ito ng bisa sa *ikalimang* araw pagkatapos ng ~~halalan maliban kung iba ang itinakda sa panukala.~~ *Ihahain ng Kalihim ng Estado ang pahayag ng boto para sa halalan kung saan pagbobotohan ang panukala, ngunit maaaring itakda ng panukala na ipapatupad ito pagkalipas ng petsa ng pagkakaroon ng bisa nito.* Kung nagkaroon ng salungatan sa mga probisyon ng ~~2~~ *dalawa* o higit pang panukala na inaprubahan sa iisang halalan, ~~dapat sundin ang mga probisyon~~ ng panukalang makakatanggap ng pinakamataas na *bilang ng sumasang-ayong boto-mga boto*.

PROPOSISYON 72

Ang amyendang ito na iminungkahi ng Saligang-batas ng Senado Amyenda 9 ng 2017–2018 Regular na Sesyon (Kabanata 1 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2018) ay hayagang inaamyendahan ang Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pag-amyenda sa isang seksyon nito; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print nang *naka-italic* upang ipahiwatig na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING AMY- ENDA SA SUBDIBISYON (c) NG SEKSYON 2 NG ARTIKULO XIII A

(c) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), maaaring itakda ng Lehislatura na hindi kasama sa terminong “bagong konstruksiyon” ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang konstruksiyon o pagdagdag ng anumang aktibong sistema ng enerhiya mula sa araw.

(2) Ang konstruksiyon o pagkabit ng anumang sistema ng sprinkler ng sunog, iba pang sistema ng pampatay ng sunog, sistema ng pagtukoy ng sunog, o pagpapahusay sa labasang nauugnay sa sunog, ayon sa pakahulugan ng Lehislatura, na itinayo o ikinabit pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talatang ito.

(3) Ang konstruksiyon, pagkabit, o pabago sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talatang ito ng anumang bahagi o bahagi ng istraktura ng bahay na pang-isahan o pampamilya na kwalipikado para sa pagbubukod ng may-ari ng bahay kung ang konstruksiyon, pagkabit, o pagbago ay para sa layunin na ang bahay ay mas madaling mapuntahan ng taong may malalang kapansanan.

(4) Ang konstruksiyon, pagkabit, pag-alis o pabago sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talatang ito ng anumang bahagi o bahagi ng istraktura ng kasalukuyang gusali o istraktura kung ang konstruksiyon, pagkabit, pag-alis o pagbago ay para sa layunin na ang gusali ay mas madaling mapuntahan, o mas madaling magamit, ng taong may kapansanan.

(5) *Ang konstruksiyon o pagdagdag, na matatapos sa o pagkalipas ng Enero 1, 2019, ng isang sistema ng pansahod ng tubig-ulan, ayon sa pagpapakahulugan ng Lehislatura.*

Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo upang bumoto, hindi na ninyo kailangang magparehistrong muli **maliban** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kayong magpaparehistro upang bumoto online sa *RegisterToVote.ca.gov*, o tumawag sa *libreng* Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan kayo ng form.

Makakakuha ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California.

May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan at pati sa Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng opisyal ng halalan o sa sentro ng pagboto sa inyong county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto Upang matuto pa, bisitahin ang www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/.

Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang botante na nasa mga sitwasyong may banta sa kanilang buhay (ibig sabihin ay karahasan sa tahanan, mga biktima ng mga panunubaybay) ay maaaring maging kwalipikado na maging isang kumpidensyal na botante. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang-bayad na programang Ligtas sa Tahanan sa (877) 322-5227 o bumisita sa www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.

Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas ukol sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at seguridad sosyal, o ang inyong lagda sa kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, pakitawagan ang Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!



HUWAG KALIMUTANG BUMOTO!

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

MAYO

S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

Mayo 7, 2018

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Mayo 21, 2018

Huling araw upang magparehistro para makaboto. Maaari kayong magparehistro "Nang May Kondisyon" at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Mayo 29, 2018

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

HUNYO

S	M	T	W	T	F	S
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

Hunyo 5, 2018

Araw ng Halalan!

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S.
POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE



DIREKTANG PRIMARYANG HALALAN SA BUONG ESTADO NG CALIFORNIA

Tingnan online ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante sa voterstatus.sos.ca.gov

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Martes, Hunyo 5, 2018

Huwag Kalimutang Bumoto!
Bukas ang mga lugar ng botohan mula
7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Mayo 7

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo. ★

Mayo 21*

Huling araw upang magparehistro para makaboto.

Mayo 29

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng
halalan sa county ang anumang aplikasyon ng
botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Para sa karagdagang mga kopya ng Patnubay na
Impormasyon Para sa Botante na nasa alinman sa
sumusunod na wika, pakitawagan ang:

English: (800) 345-VOTE (8683)

TDD: (800) 833-8683

Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)

中文/Chinese: (800) 339-2857

हिन्दी/Hindi: (888) 345-2692

日本語/Japanese: (800) 339-2865

ខ្មែរ/Khmer: (888) 345-4917

한국어/Korean: (866) 575-1558

Tagalog: (800) 339-2957

ภาษาไทย/Thai: (855) 345-3933

Việt ngữ/Vietnamese: (800) 339-8163



I-text ang **Bumoto sa GOVOTE (468683)** upang alamin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

* Maaari pa rin kayong magparehistro "nang may kondisyon" at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lang ng isang patnubay sa pamamagitan ng koreo sa mga address kung saan may nakatirang mahigit sa isang botanteng may parehong apelyido. Maaari kayong humingi ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 18 144602



TAGALOG